مناهي شرعية ـ فلبيني

# Mga Gawaing Ipinagbabawal



جمعية الدعوة بالزلفي


جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٦٦ ـ فاكس: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٧٧


152

# Mga Gawaing Ipinagbababawal

## مناهي شرعية

**Isinulat ni**
**Abdullatíf ibnu Hájis al-Ghámidí**

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

# مناهي شرعية

تأليف فضيلة الشيخ عبد اللطيف بن هاجس الغامدي
ترجمه إلى اللغة الفلبينية
جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي
الطبعة الأولى: ١٤٢٨/٧ هـ.

ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

الغامدي، عبد اللطيف بن هاجس
لا – فلبيني/ عبد اللطيف بن هاجس الغامدي، الزلفي، ١٤٢٨ هـ

٧٠ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٥ـ ٤ـ ٩٧٨٧ـ ٩٩٦٠

١ـ الوعظ والإرشاد أ. العنوان

ديوي ٢١٣ ١٤٢٨/٥٠

رقم الإيداع: ١٤٢٨/٥٠
ردمك: ٥ـ ٤ـ ٩٧٨٧ـ ٩٩٦٠

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa ngalan ni Allah,[1] ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain

Ang papuri ay ukol kay Allah lamang.[2] Ang pagpapala at ang pagbati ay ukol kay Propeta Muhammad na wala nang propeta matapos niya. Sumasaksi ako na walang totoong Diyos kundi si Allah lamang: wala Siyang katambal, at sumasaksi ako na si Muhammad ay lingkod at Sugo[3] Niya.

Huwag mong ihagis ang aklat na ito hanggang sa mabasa mo nang lubos sapagkat ito ay ay para sa iyo, tanging sa iyo at hindi sa iba sa iyo.

---

[1] Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at **hindi** ANG, NG at SA. Samakatuwid ang tama ay sabihing: SI Allah, NI Allah at KAY Allah. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino; at ito rin ang paninindigan ng *Ministry of Islamic Affairs* sa Saudi Arabia.

[2] Ang nagsalin ng aklat na ito ay walang pananagutan sa nilalaman ng aklat na ito.

[3] Kapag binanggit ang salitang **sugo** o **isinugo** sa lathalain natin, ang tinutukoy natin ay isang propetang sugo o isinugo ng Panginoon, maliban kung tahasang binanggit na iyon ay hindi isang propetang sugo o isinugo. Ang sugo sa Islam ay ang pinakamataas na antas na maaaring marating ng isang tao. Ang sugo ay higit na mataas kaysa sa propeta dahil ang bawat sugo ay propeta rin ngunit ang karamihan sa mga propeta ay hindi sugo. Sa mga lathalain natin, ang Sugo na may malaking titik na 'S' at ang Propeta na may malaking titik na 'P' ay tumutukoy kay Propeta Muhammad (SAS). Ang Tagapagsalin.

Isinulat ko ito sa pamamagitan ng tinta ng pag-ibig at itinitik ko ito mula sa kaibuturan ng puso.

Ipinadala ko ito kasama ng koreo ng pag-ibig at sugo ng pananabik upang maparangalan mo ako sa pagdadala nito sa harap mo, at upang maitanim mo rito ang puso mo bago ang mga mata mo, at ang isip mo kasama ng mga paningin mo.

Minamahal na kapatid, ang Relihiyon ay nakabatay sa matatag na pananampalataya na ang ilan sa mga hinihiling nito ay gawin ang ipinag-uutos at talikdan ang ipinagbabawal. Sa dalawang dakilang panuntunan na ito nakasalalay ang Relihiyon.

Nagsabi si Allah (59:7):[4] **Ang anumang ibinigay sa inyo ng Sugo ay kunin ninyo at ang anumang ipinagbawal sa inyo ng Sugo ay tigilan ninyo.**

Nagsabi ang Sugo ni Allah:***…kapag ipinagbawal ko sa inyo ang isang bagay ay iwasan ninyo ito, at kapg ipinag-utos ko sa inyo ang isang utos ay gawin ninyo ito sa abot ng makakaya ninyo.***[5]

Kung papaanong ang mananampalataya ay sumasamba sa Panginoon niya sa pamamagitan ng paggawa ng ipinag-utos Niya sa kanya, ng isinatungkulin Niya sa kanya na gawin niya, ng iniudyuk Niya sa kanya na isagawa niya bilang pag-ibig, pag-asa at pagpapakalapit-loob, gayon

---

[4] Ang mga talata ng Qur'an o mga Hadíth na sinipi rito ay salin mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin. Ang Tagapagsalin.

[5] Sahíh alBukhárí (8/492) bilang 7288, ayon kay Abú Hurayrah (RA).

din naman siya ay naaatangan na talikdan ang ipinagbawal sa kanya ni Allah at ibinabala sa kanya bilang pagpapakumbaba, pangamba at pagsuko.

Samakatuwid, siya ay umiikot sa pagitan ng: "Gawin mo" at "Huwag mong gawin." Ang pagpipilian ay nasa kanya, ang daan ay nasa harap niya, at ang ganti ay sa araw ng paggantimpala: para sa kanya o laban sa kanya. Nagsabi si Allah (76:3): **Tunay na Kami ay nagpatnubay sa kanya sa landas, maging nagpapasalamat man o mapagkaila sa utang na loob.**

Tayo ay mga alipin Niya. Ang alipin ay pag-aari ng amo niya, na nag-uutos sa kanya at nagbabawal sa kanya. Walang nararapat sa alipin kundi ang malugod, ang sumuko, ang magpakumbaba at ang magpahinuhod. Sapat na bilang karangalan na tayo ay maging mga alipin ni Allah lamang!

Ako ay magtitipon para sa akin at para sa iyo na mambabasa o tagapakinig ng isang langkay ng mga ipinagbabawal na nasaad ang pagkabanggit niyon sa Dakilang Qur'an o sa Marangal na Hadíth ayon sa Marangal na Sugo (SAS)[6] sa mga usapin ng Aqídah at Taw<u>h</u>íd upang mapangalagaan para sa atin ang pananampalataya natin laban sa mga pamimintas at mga nakasisira, nang sa gayon ay makapag-ingat tayo na masadlak doon at mahirati roon. Pagkatapos ay papag-ingatin natin ang mga Muslim laban doon at isasagawa natin ang tungkuling mag-anyaya na talikdan iyon ng sinumang nasadlak doon, o layuan iyon ng sinumang napangalagaan ni Allah laban sa kasamaan niyon.

---

[6] (SAS): **<u>S</u>**allalláhu **'A**layhi wa **S**allam: Pagpalain siya ni Allah at batiin (o pangalagaan). Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

Si Allah ay hinihilingan ko, sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian ay nagsusumamo ako, at dahil sa pagkamapagbigay Niya ay umaasa ako at may pag-asa ako na pagpapalain ang gawaing ito, na gagawin Niya ito na di-naglalaman ng anumang mga kamalian at mga pagkakamali, na ito ay maging wagas na ukol sa ikasisiya ng marangal na Mukha Niya, at na gantihan Niya ng mabuti ang sinumang titipon nito, magrerepaso nito, maglalathala nito at magpapalaganap nito sa gitna ng mga Muslim. Ang papuri ay ukol kay Allah.

Kaya sa pangalan ni Allah ay magsimula tayo, kay Allah ay manalig tayo, at kay Allah ay magpatulong tayo.

☝ **Huwag kang magwalang-bahala sa kadahilanan ng pakakalikha sa iyo.**

Nagsabi si Allah (51:56): **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako.** Ibig sabihin: Upang pakaisahin nila ako, mag-uutos Siya sa kanila at magbabawal Siya sa kanila, pagkatapos ay tatalima naman sila sa Kanya.

☝ **Huwag kang magtuon ng anuman sa pagsamba sa iba pa kay Allah at huwag kang magtambal ng iba pa sa Kanya na kasama Niya sa Pagsamba sa Kanya.**

Ang ugat ng pagsamba ay ang pagpapakaaba kay Allah at ang pagpapakumbaba sa Kanya. Ang pagbaling ng pagsamba sa iba pa kay Allah ay maaaring maging sa isip, sa salita at sa gawa. Nagsabi si Allah (4:36): **Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman.**

☝ **Huwag kang umibig sa isang nilikha nang pag-ibig ng pagpipitagan at pagdakila na gaya ng pag-ibig kay Allah o higit pa roon.**

Ang pag-ibig ay ukol kay Allah lamang, alang-alang sa Kanya at sa anumang iniibig Niya. Lahat ng pag-ibig sa mundo, kung ito ay dahil kay Allah at sa pamamagitan ni Allah, ay kabilang sa pag-ibig kay Allah.[7] Sinabi ni Allah (2:165): **May mga tao na gumagawa sa iba pa kay Allah bilang mga kaagaw, na iniibig nila ang mga ito gaya ng pag-ibig kay Allah, ngunit ang mga sumampalataya ay higit na masidhi sa pag-ibig kay Allah.**

☝ **Huwag kang matakot sa kaninuman maliban kay Allah nang pagkatakot na ukol sa pagsamba at pagpapakalapit-loob, o sa anuman na walang nakakakayang gumawa niyon kundi si Allah gaya ng pagbawi ng buhay, pagpaparusa sa pagkakasala at pagpapataw ng parusa roon.**

Nagsabi si Allah (2:150): **Kaya huwag kayong matakot sa kanila bagkus matakot kayo sa Akin.** ***Ito ay*** **upang buuin Ko ang biyaya sa inyo at nang harinawa kayo ay mapatnubayan.**

---

[7] Ang mga uri ng pag-ibig dahil kay Allah:

A. Ang pag-ibig ng pagsinta at pagkagiliw para sa mga anak, mga bata at sinumang tulad nila.
B. Ang pag-ibig ng pagpapahalaga, kabaitan at paggalang sa magulang, guro at sinumang tulad nila.
C. Ang pag-ibig ng pagsuyo at pagnanasa sa asawa.
D. Ang pag-ibig ng pagtalima at pagsamba kay Allah, at naisasama sa pag-ibig ng pagtalima at pag-ibig sa mga taong matuwid na kabilang sa mga lingkod ni Allah.

☝ **Huwag kang dumalangin sa iba pa kay Allah gaya ng pagdalangin sa mga taong patay o mga anghel o mga propeta o mga jinní o mga taong wala sa piling.**

Nagsabi si Allah (46:5-6): **Sino kaya ang higit na ligaw kaysa sa sinumang dumadalangin sa iba pa kay Allah, na hindi tutugon sa kanya hanggang sa Araw ng Pagkabuhay samantalang ang mga ito, sa panalangin sa mga ito, ay mga nagwawalang-bahala? Kapag tinipon ang mga tao *sa Araw ng Pagkabuhay*, ang mga ito para sa kanila ay magiging mga kaaway at ang mga ito sa pagsamba nila ay mga tatanggi.**

☝ **Huwag kang magpasaklolo sa sandali ng kagipitan mo at kapighatian mo o kaginhawahan mo at kaluwagan mo sa iba pa kay Allah kaugnay sa anumang walang nakakakaya niyon kundi si Allah, gaya ng paghingi ng biyaya o anak, o kagalingan sa karamdaman, o kapatawaran sa pagkakasala, o pagpababa ng ulan, o paglikha ng kapatnubay, o pag-aalis ng agam-agam, o pananagumpay laban sa mga kaaway. Walang masama sa pagpapasaklolo sa taong buhay na nasa piling kaugnay sa anumang nakakaya niya sa hinihiling sa kanya, kalakip ng hindi pagkahumaling ng puso ng nagpapasaklolo sa nilikhang sumasaklolo. Kay Allah magpakahumaling.**

Nagsabi si Allah (10:106): **huwag kang manalangin sa iba pa kay Allah, na hindi nakapagdudulot ng kapakinabangan sa iyo ni nakapagdudulot ng kapinsalaan sa iyo, yamang kung ginawa mo iyan, tunay na ikaw kung gayon ay kabilang sa mga lumalabag sa katarungan.”**

☝ **Huwag kang magpakupkop sa iba pa kay Allah sa pagtataboy sa pinangingilabutan na pinangangambahan mo sa sandali ng pananatili sa anumang bahagi ng mundo.**

Magpakanlong ka kay Allah at magpakalinga sa Kanya. Magpakupkop ka sa Kanya sa pamamagitan ng mga lubos na salita Niya laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya, nilalang Niya at kinapal Niya. Tungkol naman sa likas na pangamba sa isang kaaway o isang mabangis na hayop o mga tulad nito, walang masama rito. Nagsabi si Allah (72:6): **Na may mga lalaking kabilang sa mga tao na nagpapakupkop sa mga lalaking kabilang sa mga jinn, kaya nadagdagan *lamang* nila ang mga ito ng kasalanan.**[8]

☝ **Huwag kang magsagawa ng ṯawáf[9] ng pagsamba at pagpapakalapit-loob kay Allah kung hindi sa Ka'bah sa Banal na Bahay ni Allah sa Makkah.**

Kaya huwag kang magsagawa ng ṯawáf sa paligid ng mga libingan o mga bato o iba pa, na naghahangad sa pamamagitan niyon ng gantimpala ng mga iyon at kinatatakutan ang kaparusahan ng mga iyon.[10] Nagsabi si Allah (2:125): ***Banggitin* noong ginawa Namin ang Bahay bilang**

---

[8] *O* pagmamalabis, *o* kahunghangan. Ang Tagapagsalin.

[9] Paglibot sa isang bagay. Ang paglibot bilang uri ng pagsamba ay sa Ka'bah lamang maaaring isagawa. Ang Tagapagsalin.

[10] Ang pagsasagawa ng ṯawáf at ang pag-aalay sa mga libingan at mausoleo ay may ilang anyo:

**balikan para sa mga tao at bilang *pook ng* katiwasayan. Ibilang ninyo na dasalan ang tinayuan ni Abraham. Inatasan Namin sina Abraham at Ismael na linisin nila ang Bahay Ko para sa mga lumilibot, mga nananatili, at mga yumuyukod at mga nagpapatirapa.**

**☝ Huwag kang magpabiyaya[11] sa isang bato o sa isang punong-kahoy o isang libingan o iba pang tulad nito.**

---

A. Kung nagsagawa ang isang tao ng tawáf at nag-alay sa taong nakalibing, siya ay isang Mushrik na nakagawa ng malaking Shirk na sumasalungat sa Tawhíd, nasamahan man iyon ng isang paniniwala o hindi nasamahan.

B. Kung ang tawáf niya ay para kay Allah ngunit pinaniniwalaan niya ang ikapagkakait ng pinsala at ang ikapagtatamo ng pakinabang sa pagsasagawa niyon, siya ay isang Mushrik na nakagawa ng isang malaking Shirk na nakapagtitiwalag mula sa Islam at sumasalungat sa Tawh̲íd.

C. Kung ang tawáf niya ay para kay Allah ngunit hindi naman siya naniwala sa epekto nito at nagsasabi lamang na ang mga patay na ito ay mayroong mataas na katayuan at kalagayan at ang kalagayan nila ay isang dahilan sa paghadlang sa pinsala o sa pagtamo ng pakinabang, ito ay isang bid‘ah na maka-Shirk. Siya ay isusumpa dahil dito gaya ng pagsumpa ni Allah sa mga Yahúdí at mga Nas̲rání at gaya ng pagsumpa Niya sa sinumang gumawa sa mga libingan bilang masjid ang libingan. Subalit siya ay hindi isang Mushrik na nakagagawa ng malaking Shirk na nakapagtitiwalag mula sa Islam.

[11] Ang mga uri ng pagpapabiyaya:

A. Pagpapabiyaya sa pamamagitan ng bagay na ipinahihintulot gaya ng Aklat ni Allah. Walang masama rito.

B. Pagpapabiyaya sa pamamagitan ng bagay na natatalos ng panamdam gaya ng kaalamang pang-Islam, panalangin para sa sarili mo

**Ang pagpapabiyaya ay sa pamamagitan lamang ng tinukoy ng patunay na batay sa Qur'an at Sunnah.**[12]

Ayon kay Abú Wáqid al-Laythí (RA)[13] na nagsabi: "Pumunta kami kasama ng Sugo ni Allah (SAS) sa Hunayn,

---

o sa iba. Ang pagpapabiyaya sa kaalaman ng isang matuwid na tao, pakikisama sa Kanya at panalangin niya ay hindi pagpapabiyaya mismo.

C. Pagpapabiyaya na maka-Shirk sa mga libingan, mga bato at iba pa na wala naman talagang biyaya (barakah) ayon sa Batas ng Islam ni sa kalagayan. Ang uri na ito ay ilang bahagi:
   1. Kapag nagtuon siya ng anumang pagsamba sa mga iyon, ito ay isang malaking Shirk na sumasalungat sa Tawhíd.
   2. Kapag naniwala siya na ang mga iyon ay mga tagapamagitan sa pagitan niya at ni Allah, ito ay isang malaking Shirk na sumasalungat sa Tawhíd.
   3. Kapag naniwala siya na ang mga iyon ay hindi tagapamagitan at para lamang sa biyaya, nakagawa siya ng isang bid'ah na maka-Shirk na sumasalungat sa kalubusan ng kinakailangang Tawhíd.

[12] Ang Sunnah, na may malaking titik na **S**, ay ang pamamaraan o kalakaran ni Propeta Muhammad (SAS), na tumutukoy sa kung ano **ang sinabi**, **ang ginawa** at **ang sinang-ayunan** ni Propeta Muhammad (SAS). Ang Sunnah ay nakarating sa atin sa pamamagitan ng Hadíth o sanaysay tungkol sa Sunnah ni Propeta Muhammad. Ang sunnah naman, na may maliit na titik na **s**, ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil alinsunod sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa. Ang Tagapagsalin.

[13] (RA): ***Radiyalláhu 'Anhu*** para sa lalaki, ***Radiyalláhu 'Anhá*** para sa babae, ***Radiyalláhu 'Anhum*** para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Kalugdan siya (o sila) ni Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o taguri ng kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

noong kami ay mga bagong talikod sa panahon ng kawalang-pananampalataya at ang mga Mushrik ay may isang punong mansanitas na kinahuhumalingan nila at sinasabitan nila ng mga sandata nila upang magkamit ng biyaya, na tinatawag na Dhát Anwát.[14] Naparaan kami sa mansanitas kaya nagsabi kami: O Sugo ni Allah, gawan mo po kami ng Dhát Anwát gaya ng pagkakaroon nila ng Dhát Anwát. Kaya nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Si Allah ay pinakadakila! Tunay na iyon ang kalakaran! Nagsabi kayo, sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, na gaya ng sinabi ng mga anak ng Israel kay Moises*** (7:138): **Nagsabi sila: "O Moises, gumawa ka para sa amin ng isang diyos gaya ng pagkakaroon nila ng mga diyos." Nagsabi siya: "Tunay na kayo ay mga taong nagpapakamangmang."** ***Talagang sasakyan nga ninyo ang mga kalakaran ng nauna sa inyo.***"[15]

☝ **Huwag kang humiling kailanman ng pamamagitan sa harap ni Allah mula sa isa man, malibang mula kay Allah, ang Kaisa-isa, sapagkat tunay na ang lahat ng pamamagitan ay kay Allah. Hindi ito hinihiling mula sa isang anghel na malapit kay Allah ni mula sa isang propetang isinugo ni mula sa isang *wali*[16] na namatay.**

Nagsabi si Allah (10:18): **Sinasamba nila bukod pa kay Allah ang hindi nakapipinsala sa kanila at hindi**

---

[14] May mga nakabitin.

[15] Sahíh Sunan atTirmidhí 2/235 bilang 1771. Itinala ito ni Imám Ahmad sa alMusnad 2/275 bilang 2139.

[16] Mga taong pinaniniwalaang banal o malapit kay Allah.

**nakapagdudulot ng pakinabang sa kanila at nagsasabi sila: "Ang mga ito ay ang mga tagapamagitan natin kay Allah." Sabihin mo: "Nagpapabatid ba kayo kay Allah ng hindi Niya nalalaman sa mga Langit ni sa Lupa? Kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya kaysa sa mga itinatambal nila *sa Kanya*.**

☝ **Huwag kang manalig kung hindi kay Allah, huwag kang umasa kung hindi sa Kanya, at huwag mong ipagkatiwala ang kapakanan mo kung hindi sa Kanya.**[17]

Nagsabi si Allah (39:36): **Hindi ba si Allah nakasasapat para sa lingkod Niya?** Nagsabi pa Siya (5:23): **Kaya kay Allah ay manalig kayo kung kayo ay mga mananampalataya.**

☝ **Huwag kang maniwala na ang mga propeta o ang mga walí ay mayroong kapangyarihan na kumontrol sa sansinukob o magtulak sa mga pighati o magdulot ng kaibig-ibig na bagay sapagkat ang paglikha at ang paguutos ay kay Allah noon at sa hinaharap. Walang nangyayari sa sansinukob ni Allah kung hindi ang niloob ni Allah, itinakda Niya, ninais Niya at pinayagan Niya.**

Nagsabi si Allah (6:63-64): **Sabihin mo: "Sino ang nagliligtas sa inyo mula sa mga kadiliman ng kalupaan at karagatan, na pinananalanginan ninyo nang may**

---

[17] Ang kalubusan ng pananalig sa Kanya ay sumasaklaw sa pag-asa sa Kanya, pagtitiwala sa Kanya at ang pagsasagawa sa mga ipinahihimtulot na kaparaanan sa pagtamo ng naiibigan at pagtulak sa kinasisindakan.

**pagpapakumbaba at palihim na [nagsasabi:] "Talaga namang kung ililigtas Niya kami mula rito ay talagang kami nga ay magiging kabilang sa mga nagpapasalamat." Sabihin mo: "Si Allah ay magliligtas sa inyo mula roon at mula sa bawat kapighatian at pagkatapos kayo ay nagtatambal pa."**

☝ **Huwag kang maniwala na mayroong iba pa kay Allah na nakaaalam sa Nakalingid, yamang si Allah lamang ang nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan. Walang maikukubli sa Kanya na anuman sa lupa ni sa langit.**

Nagsabi si Allah (27:65): **Sabihin mo: "Hindi nalalaman ng sinumang nasa mga Langit at Lupa ang Nakalingid, maliban kay Allah, at hindi nila matatalos kung kailan sila bubuhayin."**

☝ **Huwag kang magsuot o magsabit sa sarili mo o sa anak mo o sa sasakyan mo o sa bahay mo o sa iba ba rito ng singsing o sinulid o kuwintas bilang agimat sa pagtamo ng pakinabang o pagtulak ng pinsala.**[18]

[18] Ang pagsusuot ng singsing o sinulid o sigay o iba pa pa, kung naniwala na ito ay nakapagdudulot ng pakinabang at pinsala, ito ay sumasalungat sa saligan ng Tawhíd at nakababawas sa pananampalataya. Kung itinuring ito na isang sanhi roon, ito ay isang maliit na Shirk na sumasalungat sa kalubusan ng Tawhíd at nakalalabag sa pananampalataya yamang nahumaling ang puso dito bilang sanhi roon. Ang isang panuntunan ay nagsasabi: "Ang pagturing na isang sanhi ang hindi naman sanhi ay isang Shirk." Napagtitibay ang pagiging sanhi [ng isang bagay] sa pamamagitan ng tekstong mula sa Qur'an o Hadíth, tulad ng pinaghugasan ng isang naiinggit. O

Ayon kay Abú Bashír al-Ans̲árí (RA), siya noon ay kasama ng Sugo ni Allah (SAS) sa ilan sa mga paglalakbay nito, at isinugo siya ng Sugo ni Allah (SAS) bilang sugo [na magsasabi]: ***Wala ngang mananatili sa leeg ng isang kamelyo na isang kuwintas na pisi o anumang kuwintas***[19] ***malibang pinutol ito.***

☝ **Huwag kang magsuot ng anting-anting o agimat o sigay sa layuning itulak ang kamalasan o pigiling maganap ito.**

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Akím (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nagsabit ng isang bagay [na pang-agimat], ipagkakatiwala siya roon.***”[20] Sa isang sanaysay: ***Tunay na ang mga bulong,***[21] ***ang mga anting-anting at ang gayuma ay Shirk.***

---

napagtitibay ito bilang resulta ng karanasan gaya ng balangkat (splint) [sa pagpapagaling ng pilay], lunas medikal, ruqyah na alinsunod sa Sharí‘ah, kalakip ng pagkahumaling ng puso sa tagapagbigay-sanhi, at ito ay si Allah, at pagkaalam na ang mga sanhi maging gaano man kalaki ang mga ito o kalakas, ang mga ito ay nakatali sa pagtatadhana ni Allah at pagtatakda Niya.

[19] Ang kuwintas na ito ay ipinasusuot sa kamelyo bilang isang agimat.

[20] S̲ah̲íh̲ Sunan atTirmidhí 2/208 bilang 1691; alMusnad ni Imám Ahmad 5/403 bilang 1839.

[21] Mga panalangin o pananalita na sinasambit na pinaniniwalang may kapangyarihan.

☝ **Huwag kang magdasal sa isang masjid na may libingan, bilang paghahadlang sa pagpasok sa pinto ng Shirk at bilang paglalagot sa sangkap nito.**[22]

Nagsabi si Allah (72:18): **Na ang mga masjid ay ukol kay Allah, kaya huwag kayong manalangin sa isa pa kasama ni Allah.**

☝ **Huwag kang magdasal sa ibabaw ng mga libingan o sa tabi ng mga ito bilang paghiling ng biyaya,**[23] **na**

---

[22] Ang isinasatungkulin ay wasakin ang masjid kapag itinayo ito sa ibabaw ng puntod at hukayin naman ang libingan at ilipat ang nakalibing sa ibang lugar na ligtas, at tukso ng kaguluhan kapag inilibing ang patay sa loob ng masjid.

[23] Ang pagdarasal sa libingan ay may ilang kalagayan:

A. Ang sinumang magdasal sa tabi ng libingan nang walang kalakip na paniniwala sa [kapangyarihan ng] libingan at nakalibing dito, at naglayon ng ikasisiya ng mukha ni Allah at nag-akala na ang pagsamba ay higit na mainam sa lugar na ito, ang taong ito ay nakagawa ng isang maka-Shirk na bid‘ah. Siya ay isusumpa at mapabibilang sa mga masasama sa mga nilalang—magpakupkop kay Allah—subalit siya ay hindi isang Mushrik na nakagagawa ng malaking Shirk na nakapagtitiwalag mula sa Islam.

B. Ang sinumang magdasal sa tabi ng libingan samantalang siya ay naniniwala sa [kapangyarihan ng] nakalibing sa libingan na ito ay nakapagtutulak sa pinsala at nakapagdudulot ng mabuti kaya naman nagpakanlong dito, humiling dito at nagpasaklolo rito, ang taong ito ay isang Mushrik na nakagawa ng malaking Shirk nakapagtitiwalag mula sa Islam. Nakagawa nga siya ng isang sumasalungat sa Tawhíd.

C. Ang sinumang sumamba kay Allah sa tabi ng puntod dahil isang mangmang at hindi nakaaalam na mayroong libingan doon, ang dasal niya ay tama at hindi siya nagkakasala.

**naniniwala na ang panalangin sa malapit sa mga ito ay mainam at ang pagdarasal sa palibot nito ay higit na ganap. Iyon ay bilang pag-iingat na masadlak sa Shirk at mga kaparaanan nito.**

Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sumpa ni Allah ay ukol sa mga Hudyo at mga Kristiyano; ginawa nila ang mga libingan ng mga propeta nila bilang mga sambahan.***”[24] Sa isang sanaysay: ***Pakatandaan, huwag gawin ang mga libingan bilang mga sambahan sapagkat tunay na ako ay nagbabawal sa inyo niyon.***[25]

☝ **Huwag kang huminto sa pagdarasal sapagkat ito ang kaugnayan sa pagitan ng tao at Panginoon niya. Ito ang sandigan ng Relihiyon. Walang bahagi sa Islam para sa sinumang huminto sa pagdarasal.**

Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdulláh (RA) na nagsabi: “Narinig ko ang Sugo ni Allah (RA) na nagsasabi: ***Tunay na ang namamagitan sa lalaki at Shirk kalakip ng Kawalang-pananampalataya ay ang paghinto sa pagdarasal.***”[26]

☝ **Huwag kang maghanda sa paglalakbay para sa pagsamba maliban sa tatlong masjid: al-Masjid al-Harám sa Makkah, al-Masjid an-Nabawí sa Madínah, at al-Masjid al-Aqsá sa Jerusalem. Tungkol naman sa mga**

---

[24] Sahíh alBukhárí 1/140 bilang 435, at Sahíh Muslim 1/314 bilang 529.
[25] Sahíh Muslim 1/315 bilang 532 ayon Junadab (RA).
[26] Sahíh Muslim 1/85 bilang 82.

**masjid na iba sa mga iyon, hindi maglalakbay patungo sa mga ito bilang nagsasadya patungo sa mga ito.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Hindi paghahandaan ang paglalakbay maliban sa tatlong masjid: al-Masjid al-Harám, Masjid ng Sugo, at al-Masjid al-Aqsá.***"[27]

☝ **Huwag kang dumalaw sa mga libingan upang dumalangin sa mga nakalibing sa mga ito bukod pa kay Allah o magsumamo sa kanila sa halip na kay Allah. Ang pagdalaw roon ay para lamang makapulot ng aral sa kalagayan nila at kahahantungan nila. Walang masama na bumati sa kanila at dumalangin para sa kanila.**

Nagsabi si Allah (:13-14): **Iyon ay si Allah, ang Panginoon ninyo. Ukol sa Kanya ang paghahari, samantalang ang mga dinadalanginan ninyo bukod pa sa Kanya ay hindi nga nagmamay-ari ng isang lamad[28] ng buto ng datiles. Kung dadalanginan ninyo sila, hindi sila makaririnig sa panalangin ninyo. Kung nakarinig man sila, hindi sila tutugon sa inyo, at sa araw na Pagkabuhay ay itatatwa nila ang pagtatambal ninyo sa kanila *kay Allah*. Walang makapagbabalita sa iyo ng tulad ng Nakababatid.**

---

[27] Sahíh alBukhárí 1/360 bilang 1189, at Sahíh Muslim 3/823 bilang 1397.
[28] Manipis na balot.

☝ **Huwag kang magtayo ng mga kupola[29] sa ibabaw ng mga puntod, huwag mong gawin ang mga ito na naka-angat at nakataas sa lupa, huwag mong palitadahan ang mga ito, huwag mong ukitan ang mga ito ng mga titik o mga larawan, at huwag kang magsindi ng mga ilaw sa ibabaw ng mga ito sapagkat iyan ay pagsasa-yang ng salapi sa isang punto ngunit ang pinakamaha-laga ay na ito ay isang pagdadahilan patungo sa Shirk. Sa gawaing ito ay mayroong pagpapalabis sa pagdakila sa mga libingan, na pinakakawangis ng pagdakila sa mga diyus-diyusan.**

Ayon kay Abú al-Hayyáj al-Asadí na nagsabi: "Nagsabi sa akin si 'Alí ibnu Abí T̲álib (RA): Hayaan mong iparating ko sa iyo ang ipinarating sa akin ng Sugo ni Allah (SAS): ***Na hindi ka mag-iiwan ng istatuwa kung hindi mo napawi ito, ni puntod na nakaangat kung hindi mo napatag ito.***"[30]

☝ **Huwag kang gumawa ng larawan ng isang nilikha na may kaluluwa,[31] gaya ng tao o hayop o ibon o isda[32]**

---

[29] *Dome* sa Ingles o isang hugis kalahating bola na bubong.

[30] S̲ah̲íh̲ Muslim 2/555 bilang 969.

[31] Ang pagsasalarawan ay isang paglabag sa karapatan ni Allah sa panig ng Pagkapanginoon sapagkat si Allah ay natatangi sa paglikha at pag-uutos (7:54): **Pakatandaan, ukol sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos. Mapagpala si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.**

[32] Ang iba pang may kaluluwa ay ang anghel, jinní at demonyo. Ang lahat ng may buhay na nakaaalis sa kinalalagyan ay may *rúh̲* o kaluluwa kaya ang mga hayop ay may kaluluwa rin, sa katunayan

**malibang ayon sa pangangailangang hindi maiiwasan gaya ng pagpapatotoo sa pagkakilanlan sa *identity card* o pasaporte.**

Ayon kay Ibnu 'Abbás (RA) na ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Bawat nagsasalarawan ay mapupunta sa apoy. Gagawa para sa kanya sa bawat larawan na isinalarawan niya ng isang kaluluwa at pagdurusahin siya sa Impiyerno.***[33]

**☝ Huwag kang mag-alay ng hayop sa iba pa kay Allah bilang pagpapakalapit-loob doon o dala ng pangamba roon o pag-aasam sa kaloob nito,[34] gaya ng pag-aalay sa mga jinní para itulak ang pinsala nila, o pag-aalay sa mga patay upang humiling ng pakinabang na dulot daw nila.**

---

bubuhayin din sila sa araw ng pagkabuhay. Ang halaman ay may buhay ngunit walang kaluluwa dahil hindi naman ito kusang nakaaalis sa kinalalagyan nito. Ang Tagapagsalin.

[33] Sahíh alBukhárí 7/85 bilang 5950.

[34] Ang pag-aalay ng hayop sa iba pa kay Allah ay dalawang uri:

A. Bilang pagpapakalapit-loob, pagdakila at pagsamba sa isang pinag-aalayan o pinangangambahan ang masamang magagawa. Ito ay malaking Shirk na nakapagpapatiwalag mula sa Islam, na sumasalungat sa saligan ng Tawhíd. Ang halimbawa nito ay ang hayop na inaalay pagkatapos ng pagpapatayo ng bahay, ang paglalagay nito sa loob ng bahay at ang pag-iiwan nito roon, o ang pagsasaboy ng dugo nito sa mga dingding sa paniniwala na ito ay makasasapat sa pagpipigil sa kasamaan ng mga jinní.

B. Bilang pagkatuwa at pagpaparangal sa pagdating ng isang minamahal o panauhin, kalakip ng pag-uukol ng kawagasan ng layunin para kay Allah. Ito ay isang kahilingan ng Sharí'ah.

Nagsabi si Allah (6:162-163): **Sabihin mo: "Tunay na ang dasal ko, ang handog ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang, wala Siyang katambal. Iyon ay ipinag-utos sa akin, at ako ay una sa mga Muslim."**

☝ **Huwag kang mag-alay ng hayop para kay Allah sa isang lugar kung saan nag-aalay roon ng hayop sa iba pa kay Allah.**

Ayon kay Thábit ibnu ad-Dahhák (RA) na nagsabi: "Nagpanata ang isang lalaki noong panahon ng Sugo ni Allah (SAS) na magkakatay ng isang kamelyo sa Bawánah kaya pumunta siya sa Propeta (SAS) at nagsabi: Tunay na ako ay nagpanata na magkakatay ng isang kamelyo sa Bawánah? Kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***Sa [pook na] iyon ba ay may isang idolo mula sa mga idolo ng Kamangmangan, na sinasamba?*** Nagsabi sila: Wala po? Nagsabi siya: ***Sa [pook na] iyon ba ay may [ipinagdiriwang na] isang pagdiriwang mula sa mga pagdiriwang nila?*** Nagsabi sila: Wala po. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tuparin mo ang panata mo, ngunit tunay na walang pagtupad sa isang panata [na nauuwi] sa pagsuway kay Allah, ni sa anumang hindi minamay-ari ng isang anak ni Adan.***"[35]

☝ **Huwag kang magpanata ng isang pagtalima[36] na gawain o salapi o pagpapakalapit-loob kung hindi kay**

---

[35] Sahíh Abí Dáwud 2/637 bilang 2834.
[36] Ang mga uri ng panata:

**Allah at huwag mong gawing pampalapit-loob [sa mga nakalibing] sa mga libingan o sa tinatawag na mga *shrine* at mga mausoleo.**

Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang nagpanata na tatalima kay Allah ay tumalima sa Kanya, at ang sinumang namanata na susuway kay Allah ay huwag sumuway sa Kanya.”***[37]

☝ **Huwag mong pagpantayin si Allah at ang isa sa mga nilikha Niya.**

Nagsabi si Allah (2:22): **Kaya huwag kayong gumawa para kay Allah ng mga kaagaw samantalang kayo ay nakaaalam.**

Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA), may isang lalaki na nagsabi sa Propeta (SAS): Ang niloob ni Allah AT niloob mo. Kaya nagsabi siya (SAS): ***Ginawa mo ba ako na isang kaagaw para kay Allah? Ang niloob ni Allah LAMANG.***[38]

---

A. Panata kay Allah, at kabilang dito ang sumusunod:
  1. Panata na gagawa ng isang pagtalima para kay Allah na kinakailangang tuparin
  2. Panata na gagawa ng isang pagsuway na hindi kinakailangang tuparin

B. Panata sa iba pa kay Allah sa paggawa ng isang pagtalima o pagsuway. Ito ay Shirk sapagkat ang panata ay isang pagsamba na kinakailangang ituon kay Allah.

[37] Sahíh alBukhárí 7/299 bilang 6700, at Sahíh Muslim 3/1331 bilang 2109.

[38] Sahíh Sunan Abí Dáwud 3/940 bilang 4166, ayon kay Hudhayfah; Sahíh Sunan anNisá’í 2/799 bilang 3533, ayon kay Qutaylah, ayon sa isang babae na mula sa Juhaynah; Sahíh Sunan Ibnu Májah 1/362

Ang halimbawa pa nito ay sabi nila: “Wala akong maaasahan kundi ikaw AT si Allah. Si Allah ay maaasahan ko sa langit at ikaw naman sa lupa. Nananalig ako at umaaasa ako kay Allah AT sa iyo.”

☝ **Huwag mong pag-isipan ang sarili ni Allah, sapagkat si Allah ay (42:11):Walang katulad sa Kanya na anumang bagay. Hindi Siya maaaring maguniguni (imagine) ng mga isip at hindi Siya maaabot ng mga paningin sa mundo. Huwag mong hayaan ang sarili mo sa mga bulong ng demonyo, magpakupkop kay Allah laban sa mga iyon at tigilan mo iyon. Sabihin mo: Sumasampalataya ako kay Allah at sa Sugo Niya.**

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA), ayon sa Sugo ni Allah na nagsabi: ***Pag-isipan ninyo ang mga biyaya***[39] ***ni Allah at huwag ninyong pag-isipan si Allah, kamahalmahalan Siya at kapita-pitagan.***[40]

☝ **Huwag kang maniwala na si Allah ay kasama natin ang mismong sarili Niya. Ang pagiging kasama Niya sa atin ay pagiging kasama sa kaalaman at kabatiran**

---

bilang 1720; alMusnad ni Ahmad 1/572 bilang3237; al’Adab alMufrad ni alBukhárí 783. Lahat ng sanaysay ay nasa malalapit na pagkakapahayag. Nagsabi si al’Albání sa Sahíh al’Adab alMufrad pahina 292 bilang 601 na ito ay sahíh.

[39] Ibig sabihin: ang mga pagpapala Niya, mga Tanda Niya at mga kahatulan Niya.

[40] Itinala ito ni atTabrání sa al’Awsát, ni alBayhaqí sa ashSha‘b at ni alLálká’í sa asSunnah. Tingnan ang asSilsilah asSahíhah ni al’Albání 4/395 bilang 1788.

**o pagiging kasama sa pagtulong at pag-alalay. Si Allah, ang Napakamaawain, ay nasa ibabaw natin. Sa trono ay nakaluklok Siya: mismong sarili Niya, na nakahiwalay sa mga nilikha Niya ayon sa naaangkop sa kaluwalhatin Niya at kadakilaan ng kapangyarihan Niya yamang walang katulad sa Kanya na anumang bagay at wala Siyang katapat o katulong o katulad o katumbas. Siya sa bawat bagay ay Maalam.**

Nagsabi si Allah (6:18): **Siya ay ang Lumulupig sa ibabaw ng mga lingkod Niya at Siya ay ang Marunong, ang Nakababatid.**

☝ **Huwag kang kumilala para kay Allah ng mga pangalan at mga katangian maliban sa kinilala Niya para sa sarili Niya sa Dakilang Aklat Niya at kinilala para sa Kanya ng Marangal na Sugo Niya sa tumpak na Sunnah nito. Ang mga pangalan ni Allah ay isiniwalat: walang panghihimasok dito ang pagsang-ayon at ang pag-iisip.**

Nagsabi si Allah (17:110): **Sabihin mo: "Dumalangin kayo kay Allah o dumalangin kayo sa Napakamaawain; sa alin man *sa mga ito* kayo dumalangin *ay maaari* sapagkat taglay Niya ang mga pangalang napakagaganda.**

☝ **Huwag kang suminsay[41] sa mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya sa pamamagitan ng pagkakaila sa mga ito, pagtanggi sa kahulugan ng mga ito, o pagpa-**

[41] Lumihis sa kahulugan o kumiling palayo roon.

**pakahulugan sa mga ito palayo sa mga kahulugan ng mga ito, o paggawa sa mga ito na mga pangalan ng ilan sa mga nilikha o pagwawangis sa mga ito sa mga iyon, ibilang sa mga ito ang hindi naman sa kabilang sa mga ito, o sa pamamagitan ng pagtutulad sa mga ito.**

Nagsabi si Allah (7:180): **Taglay ni Allah ang mga pangalang napakagaganda, kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito. Hayaan ninyo ang mga sumisinsay sa mga pangalan Niya; gagantihan sila sa anumang ginagawa nila noon.**

☝ **Huwag kang humingi sa pamamagitan ng mukha ni Allah ng anuman kailanman. Ang paghingi kay Allah sa pamamagitan lamang ng mga napakagagandang pangalan Niya at mga napakatataas na katangian Niya.**

Ayon kay Abú Músá al-Ash'arí (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Isinumpa ang sinumang humingi sa pamamagitan ng mukha ni Allah, at isinumpa ang sinumang hinihingan sa pamamagitan ng mukha ni Allah pagkatapos pinagkaitan niya ang nanghihingi sa kanya gayong hindi siya hiningan nito sa malaswang pananalita.***"[42]

☝ **Huwag kang magsumamo kay Allah sa pamamagitan ng pagsusumamo[43] na maka-Bid'ah na ipinagbabawal,**

---

[42] Itinala ito ni Ibnu 'Asákir at atTabrání. Tingnan ang asSilsilah asSahíhah 5/363 bilang 2290.

[43] Ang pagsusumamo na isinabatas na nagtutulak sa pighati at humahatak sa biyaya ay tatlong bagay:

**gaya ng sabi nila: "O Allah, tunay na ako ay humihingi sa iyo sa pamamagitan ng reputasyon ni Polano, o sa pamamagitan ng karapatan ni Polano, o sa pamamagitan ng pagkatao ni Polano, o sa pamamagitan ng kalagayan ni Polano sa Iyo." Walang masama na dumalangin para sa iyo ang mga buhay na kabilang sa mga lingkod ni Allah na matutuwid na mga mananampalataya.**

Nagsabi si Allah (5:35): **O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at hangarin ninyo sa Kanya ang ikalalapit at makibaka kayo alang-alang sa Landas Niya nang harinawa kayo ay magtagumpay.**

☝ **Huwag kang mawalan ng pag-asa o masiraan ng loob sa awa ni Allah anuman ang narating ng mga pagkakasala mo.**

Nagsabi si Allah (12:87): **tunay na walang nawawalan ng pag-asa sa habag ni Allah kundi ang mga taong tumatangging sumampalataya.**

☝ **Huwag kang matitiwasay sa panlalansi ni Allah maging anuman ang [antas ng] pagtalima mo.**

---

A. Sa pamamagitan ng mga napakagagandang pangalan ni Allah at mga napakatataas na katangian Niya, gaya ng pagsabi: O Ra<u>h</u>ím, kaawaan Mo ako; O Gháfirudhdhunúb, patawarin Mo ako.
B. Sa pamamagitan ng mga matuwid na gawain, gaya ng pagsabi: O Allah, tunay na ako ay humihingi sa Iyo sa pamamagitan ng pananampalataya ko sa iyo na kaawaan Mo ako; o Allah, tunay na ako ay humihingi sa iyo dahil sa pag-ibig ko sa Propeta mo na si Muhammad, na patawarin mo ako.
C. Sa pamamagitan ng panalangin ng matuwid na Muslim para sa iyo.

Nagsabi si Allah (7:99): **Natitiwasay ba sila sa panlalansi ni Allah, gayong walang natitiwasay sa panlalansi ni Allah kundi ang mga taong nalulugi.**

☝ **Huwag kang mag-isip ng masama kay Allah sapagkat tunay na si Allah ay natutuwa sa magandang pag-iisip ng lingkod Niya sa Kanya.**

Ayon kay Jábir (RA) na nagsabi: "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Huwag ngang mamamatay ang isa sa inyo malibang siya ay nag-iisip ng maganda kay Allah.***"[44]

☝ **Huwag kang sumamba kay Allah sa pag-ibig lamang, huwag kang sumamba kay Allah sa pag-asa lamang ni sa pangamba lamang. Gawin mo ang dalawang ito na gaya ng dalawang pakpak ng isang ibon sapagkat tunay na ang ibon na may nag-iisang pakpak ay halos hindi makaangat. Ang mga lingkod ni Allah, na mga mananampalatayang matutuwid ay (17:57): naghahangad sa Panginoon nila ng ikalalapit: *nagsisikap* kung alin sa kanila ang pinakamalapit, umaasa sa awa Niya at nangangamba sa parusa Niya.**

Nagsabi si Allah (15:49-50): **Ibalita mo sa mga lingkod Ko na Ako ay ang Mapagpatawad, ang Maawain; na ang pagpaparusa Ko ay ang pagdurusang masakit.**

[44] S̲ah̲íh̲ Muslim 4/1747 bilang 2877.

☝ **Huwag kang umasa sa awa ni Allah nang walang matuwid na gawa** sapagkat tunay na ang pagpapaganda sa gawa ay patunay ng pagpapaganda ng saloobin kay Allah. Ang awa ni Allah ay hindi natatamo sa pamamagitan ng pagbagal-bagal at katamaran bagkus sa pamamagitan ng makatotohanang pananampalataya at matuwid na gawa. Ang awa ni Allah ay malapit sa nagmamagandang-saloobin.

Nagsabi si Allah (2:218): **Tunay na ang mga sumampalataya at ang mga nagsilikas at nakibaka sa Landas ni Allah, ang mga iyon ang nag-aasam sa awa ni Allah. At si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.**

☝ **Huwag mong kutyain o tuyain o hamakin o maliitin ang anumang mayroong pagbanggit kay Allah o sa Qur'an o sa Sugo o sa Islam[45] kahit pa sa paraang pag-bibiro,** gaya ng pangungutya sa kaalamang pang-Islam at mga alagad nito dahil dito, gaya ng pangungutya sa pag-uutos sa nakabubuti at pagbabawal sa nakasasama at mga alagad nito dahil sa pag-uutos nila at pagbabawal nila, gaya ng pangungutya sa balbas, siwák at iba pa na kabilang sa mga batas at mga gawaing panrelihiyon ng Islam. Lahat ng iyon ay kawalang-pananampalataya kay Allah.

Nagsabi si Allah (9:65-66): **Talagang kung tina-nong mo sila ay talagang magsasabi nga sila: "Tunay na**

---

[45] Ito ay kawalang-pananampalataya dala ng pagsalungat, pangungutya at pagpapasinungaling. Ito ay higit na matindi kaysa sa kawalang-pananampalataya dala ng pag-ayaw na isa lamang pagtigil sa pag-ganap, gaya ng pagtigil sa pagdarasal at iba pa. Ito rin ay higit na matindi kaysa sa pagpapatirapa sa isang imahen o diyus-diyusan.

**kami ay nag-uusap-usap at nagbibiru-biruan lamang." Sabihin mo: "Kay Allah, sa mga Tanda Niya, sa Sugo Niya ba kayo nangungutya?" Huwag na kayong magdahilan pa; tumanggi na kayong sumampalataya matapos ang pagsampalataya ninyo.**

☝ **Huwag kang makihalubilo sa sinumang walang pakundangang tumatalakay sa mga kapahayagan ni Allah, at tumatangging sumampalataya at kumukutya sa mga ito kung hindi rin lamang para anyayahan siya, linawin ang kabulaanan niya at balaan siya laban doon.**

Nagsabi si Allah (4:140): **Pinababa na Niya sa inyo sa Aklat na kapag narinig ninyo ang mga kapahayagan ni Allah na tinatanggihang sampalatayanan at kinukutya ay huwag kayong maupong kasama nila malibang tatalakay sila ng usapang iba roon. Tunay na kayo, kung gayon, ay tulad nila. Tunay na si Allah ay magtitipon sa mga nagkukunwaring mananampalataya at mga tumatangging sumampalataya sa Impiyerno nang sama-sama.**

☝ **Huwag kang humatol ng hindi ayon sa ibinaba ni Allah[46] o maniwala na ang kahatulan Niya ay naglala-**

---

[46] Ang paghatol ng hindi ayon sa ibinaba ni Allah, gaya ng mga batas na gawang-tao ay may ilang kalagayan:

A. Ang sinumang humatol ng hindi ayon sa ibinaba ni Allah, na naniniwala na ang kahatulan ni Allah ay hindi na nababagay sa panahong ito, o na ang iba pa rito ay higit na maganda kaysa rito, o na ito ay hindi kumpleto at nagtataglay ng kawalang-katarungan

**man ng kawalang-katarungan o pang-aapi o paniniil o kalupitan, o na ito ay kulang at hindi nalubos, na ang ibang hatol ay higit na mabuti kaysa rito o kapantay nito at higit na mainam sa buhay ng tao, na ito ay hindi na nababagay sa panahong ito. Lahat ng iyon ay kawalang-pananampalataya kay Allah at pagtalikod sa Relihiyon Niya.**

---

at kalupitan, ito ay kawalang-pananampalataya at pagtalikod na nakapagtitiwalag mula sa Islam. Tumatalikod ang tao sa pamamagitan nito sa Islam. Siya ay napabibilang sa pinakamalaking mga tampalasan at mga nakikidigma sa Panginoon ng mga nilalang. Nagsabi si Allah (5:44): **Ang sinumang hindi humatol ng ayon sa ibinaba ni Allah, ang mga iyon ay ang mga tumatanging sumampalataya.**

B. Ang sinumang humatol ng hindi ayon sa ibinaba ni Allah, na naniniwala naman na ang kahatulan ni Allah ay higit na mainam at na ang pagbabatas Niya ay higit na kumpleto ngunit upang umayon iyon sa pithaya niya at upang maabot niya ang mithi niya sa pamamagitan ng mga batas na ito, ang taong ito ay isang suwail na kulang ang pananampalataya, na hindi naman tumatalikod sa Islam. Nagsabi si Allah (5:47): **Ang sinumang hindi humatol ng ayon sa ibinaba ni Allah, ang mga iyon ay ang mga suwail.**

C. Ang sinumang naghahatol ng hindi ayon sa ibinaba ni Allah, na naniniwala naman sa pagkakailangan ng paghahatol ayon sa isinabatas ni Allah ngunit dahil sa pangamba sa isang mapang-aping namamahala o sa mga kaaway na nakikidigma, ang taong ito ay lumalabag sa katarungan sa sarili niya at hindi lubos ang pananampalataya. Nagsabi si Allah (5:45): **Ang sinumang hindi humatol ng ayon sa ibinaba ni Allah, ang mga iyon ay ang mga lumalabag sa katarungan.**

Nagsabi si Allah (5:44): **Ang sinumang hindi humatol ng ayon sa ibinaba ni Allah, ang mga iyon ay ang mga tumatangging sumampalataya.**

☝ **Huwag kang masuklam sa anumang aral na dumating mula kay Allah sa pamamagitan ng Aklat Niya o ng Sugo Niya (SAS) gaya ng pagpapahintulot sa pag-aasawa ng higit isa o pagbabawal sa ribá o pagiging tungkulin ng pagbibigay ng zakáh.**

Nagsabi si Allah (47:8-9): **Ang mga tumangging sumampalataya—kasawian ay sumakanila at sasayangin Niya ang mga gawa nila. Iyan ay dahil sa sila ay nasuklam sa ibinaba ni Allah kaya naman pinawalang-saysay Niya ang mga gawa nila.**

☝ **Huwag magkaroon sa dibdib mo ng pagtutol sa mga utos ni Allah at ng Sugo Niya sapagkat tunay na ang pananampalataya mo ay hindi magiging lubos malibang ang kagustuhan mo ay umaayon sa aral na inihatid ni Muhammad (SAS) mula sa Panginoon niya. Sa utos ni Allah at ng Sugo Niya ay maging nakikinig at tumatalima ka.**

Nagsabi si Allah (4:65): **Kaya hindi, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya malibang pinahahatol ka nila sa anumang pinagkahidwaan sa pagitan sa kanila. Pagkatapos ay hindi sila nakatatagpo sa mga sarili nila ng isang pagtutol sa anumang inihusga mo at nagpapasakop sila nang *tunay na* pagpapasakop.**

☝ **Huwag mong ipagbawal ang ipinahintulot ni Allah o ipahintulot ang ipinagbawal ni Allah at huwag mong ikaila ang anumang kailangang nalalaman na bahagi ng katuruan ng Islam gaya ng pagbabawal sa alak at pagiging tungkulin ang pagdarasal.**

Nagsabi si Allah (16:116): **Huwag kayong magsabi ng tungkol sa inilalarawan ng mga dila ninyo na kasinungalingan: Ito ay ipinahihintulot at ito ay ipinagbabawal, upang gumawa-gawa kayo tungkol kay Allah ng kasinungalingan. Tunay na ang mga gumagawa-gawa tungkol kay Allah ng kasinungalingan ay hindi magtatagumpay.**

☝ **Huwag kang tumalima sa isang nilikha sa pagpapahintulot ng isang bawal o sa pagbabawal sa isang ipinahintulot sapagkat iyan ay hindi karapatan ng isa man maliban kay Allah. Samakatuwid ang ipinahintulot ay ipinahintulot Niya, ang bawal ay ang ipinagbawal Niya at ang Relihiyon ay ang isinabatas Niya.**

Nagsabi si Allah (9:31): **Ginawa nila ang mga pantas nila at ang mga pari nila na mga panginoon bukod pa kay Allah.**[47] Sa isang Hadíth: Dumating si ‘Adíy ibnu Hátim (RA)—noon ay yumakap ito sa Kristiyanismo bago ang Islam—sa Propeta (SAS), at noong narinig nito

---

[47] Ang mga pantas at ang mga pari na tinutukoy ay ang mga naka-alam sa ipinahintulot ngunit ipinagbawal nila iyon nang sadya nang walang pagkalito at walang pagsisikap na alamin ang tama, at ang mga nagpahintulot sa bawal, sa kabila ng kaalaman nila, nang sadya nang walang pagkalito at walang pagsisikap na alamin ang tama.

ang Propeta (SAS) na bumibigkas [mula sa Qur'an (9:31)]: **Ginawa nila ang mga pantas nila at ang mga pari nila na mga panginoon bukod pa kay Allah** ay nagsabi ito: O Sugo ni Allah, tunay na hindi namin sila ginawang mga panginoon. Nagsabi siya: ***Oo; hindi ba nila ipinahihintulot sa inyo ang ipinagbawal sa inyo kaya naman ipinahintulot ninyo iyon, at ipinagbabawal nila sa inyo ang ipinahintulot ni Allah kaya naman ipinagbabawal ninyo iyon?*** Nagsabi ako: Opo. Nagsabi siya: ***Samakatuwid, iyan ay pagsamba sa kanila.***[48]

☝ **Huwag kang matuwa sa pagbaba ng Islam at mga kaanib nito at sa pagtaas ng Shirk at mga tagatangkilik nito, sa pangrelihiyon at pangmundong aspeto man.**

Nagsabi si Allah tungkol sa mga nagkukunwaring sumasampalataya (9:50): **Kung dinadapuan ka ng isang mabuti ay ikinalulumbay nila ito. Kung dinadapuan ka ng isang kasawian ay nagsasabi sila: "Gumawa na kami ng pag-iingat namin noon pa," at tatalikod sila habang sila ay natutuwa.**

☝ **Huwag mong tangkilikin ang mga tumatangging sumampalataya, huwag mong kampihan sila, huwag mong ibigin sila at huwag mo silang tulungan sa relihiyon nila sa pamamagitan ng salapi o impluwensiya o**

---

[48] Itinala ito ni atTirmidhí sa Sunan niya, Kitáb atTafsír, bilang 3095; ni atTabarí sa Tafsír niya 10/80. Nagsabi si al'Albání tungkol dito sa Gháyah alMarám na ito ay *hasan*, pahina 20, bilang 6.

**ideya o lakas upang hindi ka maging kabilang sa kanila upang tipunin kasama nila.**

Nagsabi si Allah (60:1): **O mga sumampalataya, huwag ninyong gawin ang mga kaaway Ko at ang mga kaaway ninyo na mga tagatangkilik na pag-uukulan ninyo sila ng pagmamahal**

☝ **Huwag kang tumulad sa mga tumatangging sumampalataya sa relihiyon nila o sa anumang kabilang sa mga katangian nila at sa anumang ikinatatangi nila sa iba pa sa kanila.**

Ayon kay Ibnu 'Umar (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nagpakatulad sa ibang mga tao, siya ay kabilang na sa kanila.***"[49]

☝ **Huwag kang gumawa ng hamak sa Relihiyon mo. Kaya huwag kang maglangis, huwag kang panghinaan at huwag kang malungkot sapagkat tunay na ang dangal ay ukol kay Allah, ukol sa Sugo Niya at ukol sa mga mananampalataya.**

Nagsabi si Allah (3:139): **Huwag kayong panghinaan at huwag kayong malungkot gayong kayo ang mga pinakamataas, kung kayo ay mga sumasampalataya.**

☝ **Huwag kang magduda sa kawalang-pananampalataya ng mga Mushrik, huwag mong ituring na tama ang pananaw nila at huwag mong kampihan ang pamama-**

---

[49] Sahíh Sunan Abí Dáwud 2/671, bilang 3401.

**raan nila o ipagtanggol sila, upang hindi ka maging kabilang sa kanila.**

Nagsabi si Allah (4:51-52): **Hindi mo ba napagalaman ang mga nabigyan ng isang bahagi ng Aklat? Sumasampalataya sila sa diyus-diyusan at nagdiyus-diyusan, at sinasabi nila sa mga tumangging sumampalataya na ang mga ito ay higit na napatnubayan sa *tamang* landas kaysa sa mga sumampalataya. Ang mga iyon ay ang mga isinumpa ni Allah. Ang sinumang susumpain ni Allah ay hindi ka makasusumpong para sa kanya ng isang tagatulong.**

☝ **Huwag kang makilahok sa mga tumatangging sumampalataya sa mga pagdiriwang nila at mga okasyon nila na panrelihiyon o batiin sila dahil sa mga iyon o tulungan sila sa mga iyon sapagkat iyon ay magiging isang pagkilala mo sa gawain nila.**

Nagsabi si Allah (9:123): **O mga sumampalataya, kalabanin ninyo ang mga nalalapit sa inyo na kabilang sa mga tumatangging sumampalataya at makasumpong sila sa inyo ng kabagsikan. Pakaalamin ninyo na si Allah kasama ng mga nangingilag magkasala.**[50]

---

[50] Upang huwag magkamali sa pag-unawa ng talata na ito ay mangyaring iugnay ito sa sumusunod ng mga talata ng Qur'an: **<u>Makipaglaban kayo sa landas ni Allah sa mga kumakalaban sa inyo</u> ngunit huwag kayong lumabag; tunay na hindi minamahal ni Allah ang mga lumalabag.** (2:190) **<u>Hindi kayo pinagbabawalan ni Allah sa mga hindi kumalaban sa inyo dahil sa relihiyon</u> at hindi nagpapalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo, <u>na magpakabuting-</u>**

☝ **Huwag kang bumaling palayo sa Relihiyon mula kay Allah na hindi mo natututunan ito at isinasagawa ito.**

Nagsabi si Allah (33:22): **Sino pa ang higit na lumalabag sa katarungan kaysa sa sinumang pinaalalahanan sa pamamagitan ng mga kapahayagan ng Panginoon niya, pagkatapos ay bumabaling siya palayo sa mga ito? Tunay na Kami sa mga sumasalansang ay maghihiganti.**

☝ **Huwag kang masasangkot sa panggagaway[51] sapagkat ito ay kabilang sa karunungang itim at ito ay kawalang-pananampalataya na sumasalungat sa pananampalataya.**

Nagsabi si Allah (2:102): **Sinunod nila ang binibigkas ng mga demonyo sa panahon ng paghahari ni Solomon. Hindi tumalikod sa pananampalataya si Solomon bagkus ang mga demonyo ay tumalikod sa pananampalataya: itinuturo nila sa mga tao ang panggagaway at ang ibinaba sa dalawang anghel sa Babilonia, na sina Hárút at Márút. Ngunit hindi nagtuturo ang dalawang ito sa isa man malibang nagsasabi ang dalawang ito: "Tunay na kami ay tukso lamang, kaya huwag kang tumalikod sa pananampalataya."**

---

**loob sa kanila at makitungo nang makatarungan sa kanila. Tunay na si Allah ay umiibig sa mga makatarungang makitungo.** (60:8) **Kung kumiling sila sa kapayapaan ay kumiling ka rito at manalig ka kay Allah. Tunay na Siya ay ang Nakaririnig, ang Maalam.** (8:61) Ang Tagapagsalin.

[51] Black magic, pangkukulam at iba pa.

☝ **Huwag kang pumunta sa manghuhula sa hinaharap o albularyo o mangkukulam o manghuhula sa nakaraan o astrologo o *geomancer*[52] o manghihimalad o magsisigay.**[53]

Ayon sa isa sa mga maybahay ng Propeta (SAS) na si Hafsah (RA), ayon sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula at nagtanong dito ng anuman ay hindi tatanggap para sa kanya ng isang saláh*[54] *sa loob ng apatnapung araw.***[55]

☝ **Huwag kang maniwala sa isang manghuhula o nag-aangkin ng kaalaman sa Nakalingid sapagkat tunay na ang pagpunta sa kanila at paniniwala sa kanila ay isang**

---

[52] Dalubhasa sa geomancy o panghuhula sa pamamagitan ng pagtingin sa isinabog na lupa o buhangin. Ang Feng Shui ay isa ring uri ng geomancy. Marahil ang pagpapatawas ay isa ring uri ng geomancy.

[53] Ang manghuhulang gumagamit ng sigay sa panghuhula. Ang ganitong panghuhula ay kadalasang gumagamit ng 16 sigay (dilogun). Karaniwang itinatapon ng manghuhula ang mga sigay sa isang laang bandeha. Pagkatapos, ibinabatay niya ang kahulugan ng pagkakatapon ayon sa kalagayan ng mga ito at kung ang mga ito ay bumagsak na nakatihaya o nakataob. Para sa karagdagang kaalaman, tingnan ang tungkol sa Orisha sa Microsoft Encarta.

[54] Ang ibig sabihin ng hindi tatanggap sa kanya ng saláh sa loob ng apatnapung araw ay hindi siya gagantihan at gagantimpalaan doon sa kabila ng tungkuling gagampanan iyon at pangangalagaan iyon sapagkat kung itinigil niya iyon ay naging tumatanggi siyang sumampalataya dahil sa pagtitigil sa pagsasagawa niyon.

[55] Sahíh Muslim 4/1397, bilang 2230.

**kawalang-pananampalataya sa pagsisiwalat na pinababa sa pinakamainam na tao (SAS).**[56]

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***Ang sinumang nagpunta sa isang nanghuhula sa hinaharap o sa isang manghuhula sa nakaraan at pinaniwalaan niya ito sa sinasabi nito, tumanggi nga siyang sumampalataya sa ibinaba kay Muhammad.***[57]

☝ **Huwag kang humingi ng ulan sa pamamagitan ng mga bituin, huwag kang mahumaling sa mga horoscope at astrolohiya.**[58]

---

[56] Ang naniniwala sa manghuhula ay isang tumatangging sumampalataya dahil siya ay sumasalungat sa mga malinaw na talata ng Qur'an at mga tumpak na Hadíth kaugnay sa pamumukod ni Allah sa kaalaman sa Nakalingid at wala nang iba pa sa Kanya. Kaya naman walang nakaaalam sa Nakalingid kundi si Allah. Ang sinumang nagduda sa katapatan ng manghuhula o sa kasinungalingan nito, siya rin ay isang tumatangging sumampalataya dahil nagduda siya na mayroong isang iba pa kay Allah na nagtataglay ng mga susi sa Nakalingid.

[57] Sahíh Sunan Abí Dáwud 2/739, bilang 3304; Sahíh Sunan atTirmidhí 1/44, bilang 116; Sahíh Sunan Ibni Májah 1/105, bilang 523; Ayon kay Ahmad sa alMusnad 3/164, bilang 9252, ang siniping pananalita ay mula sa kanya.

[58] Ang pag-aaral ng mga bituin at mga celestial body ay nahahati sa dalawang bahagi:

A. Upang malaman ang mga panahon ng pagtatanim at ang pagpasok ng mga oras at mga panahon (season), nang hindi naniniwala na ang bituin na ito mismo ay nakaaapekto, bagkus ay isang tanda lamang sa utos ni Allah. Ito ay walang masama.

Ayon kay Abú Málik al-Ash'arí (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***May apat sa kalipunan***[59] ***ko na nasa kalakaran ng Kamangmangan na hindi nila iniiwan ang mga ito: Ang pagmamalaki sa mga karangalan, ang paninirang-puri sa mga kaangkanan, ang paghingi ng ulan sa pamamagitan ng mga bituin***[60] ***at ang pananaghoy.***[61]

---

B. Upang gamiting gabay sa mga pangyayari sa lupa at inuugnay ang mga ito mismo sa mga galaw ng mga bituin, gaya ng sinasabi ng iba: "Ang pagpapakasal ninyo ay mabibigo sa bituing ganoon," o "Ang pangangalakal mo ay kikita sa bituing gayon." Ito ay kawalang-pananampalataya dahil ito ay paglabag sa karapatan ni Allah kaugnay sa natatangi sa Kanya, at iyon ay ang kaalaman sa Nakalingid.

[59] Ang kalipunan ay salin ng salitang Arabe na *ummah* na nangangahulugan ng: Isang pangkat ng mga tao na ipinagbubuklod ng isang kalagayan na gaya ng relihiyon o pook o panahon. Tingnan ang alMu'jam alWasít̠, p. 27. Samakatuwid ang kalipunan o *ummah* ay maaaring tumukoy sa isang bansa o isang pangkat o isang komunidad ng mga mananampalataya, na siyang kahulugan kung ang tinutukoy ay ang Kalipunan ng Islam. Ang Tagapagsalin.

[60] Ang paghingi ng ulan sa pamamagitan ng mga bituin ay may ilang kalagayan:

A. Ang paghingi ng ulan mula sa mga ito. Ito ay Shirk sa Pagkapanginoon at Pagkadiyos dahil ang paniniwala sa paglikha at paglalang ng iba pa kay Allah ay sumasalungat sa saligan ng Tawhíd.

B. Ang pag-ugnay sa ulan at sa pagpapababa nito sa mga bituin mismo sa halip na kay Allah. Ito ay malaking Shirk na nakasisira sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah.

C. Ang pag-asa sa ulan sa mga ito at pagtuturing sa mga ito na kadahilanan, ang taong ito ay kabilang sa nagtuturing na kadahilanan ang hindi naman kadahilanan. Nagtataglay ito ng paglabag sa karapatan ni Allah. Ito ay isang maliit na Shirk na hindi naka-

☝ **Huwag kang magsabi na inulan tayo dahil sa gayong bituin[62] sapagkat tunay na iyon ay kabilang sa pag-uugnay sa buhos ng ulan at sa pagdating ng ulan sa mga bituin.**

Ayon kay Zayd ibnu Khálid al-Juhaní (RA) na nagsabi: "Nagdasal kasama namin ang Sugo ni Allah ng dasal sa madaling-araw sa Hudaybíyah nang ang nagdaang gabi ay umulan. Nang nakatapos na ang Propeta (SAS) ay humarap siya sa mga tao at nagsabi: ***Nalalaman ba ninyo ang sinabi ng Panginoon ninyo?*** Nagsabi sila: Si Allah at ang Sugo Niya ay higit na nakaaalam. Nagsabi Siya: ***Kinaumagahan, ang ilan sa mga lingkod Ko ay sumasampalataya sa Akin at tumatangging sumampalataya. Kaya ang sinumang nagsabi: Inulan kami dahil sa kabutihang-loob ni Allah at sa awa Niya, iyon ay isang sumasampalataya sa Akin at isang tumatangging sumampalataya sa mga tala; ang sinumang nagsabi: Inulan kami dahil sa***

---

pagtitiwalag mula sa Islam ngunit sumasalungat sa kalubusan ng paniniwala sa pagkaiisa ni Allah.

61 Sahíh Muslim 935, bilang 29.

62 Ang pag-uugnay ng ulan sa mga bituin ay tatlong uri:

A. Pag-uugnay ng pagpapalitaw at paglikha ng ulan. Ito ay isang malaking Shirk.
B. Pag-uugnay ng kadahilanan. Ito ay isang maliit na Shirk.
C. Pag-uugnay ng oras at panahon. Ito ay ipinahihintulot sa kondisyon na hindi sasabihing SA PAMAMAGITAN NG o DAHIL SA, sa halip ay sasabihing SA PANAHON NG: Inulan tayo SA PANAHON NG gayong bituin sapagkat ito ay naglalayong magpahayag lamang ng tungkol sa oras ng pagbuhos ng ulan.

***talang ito at iyan, iyon ay tumatangging sumampalataya sa Akin at sumasampalataya sa tala.***"[63]

☝ **Huwag kang mag-ugnay ng kamalasan**[64] **at magdahilan ng kamalasan sa isang bagay gaya ng ibon o mga tao o mga pangalan o mga salita o mga pook o mga pangyayari o mga bilang o mga kulay o mga buwan o mga araw o mga oras sapagkat ito hindi nagdudulot ng pinsala at hindi nagdudulot ng pakinabang maliban pa kay Allah, kaluwalhatian sa Kanya.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Walang pagkahawa [na walang pahintulot ni Allah], walang pag-uugnay ng kamalasan, walang Hámah, walang kamalasan sa buwan ng Safar, walang ulan dahil sa bituin, at walang ghawl.***"[65]

☝ **Huwag kang magpasinungaling sa itinakda: ang mabuti nito at ang masama nito sapagkat ang itinakda ay lihim ni Allah sa nilikha Niya. Walang nagaganap**

---

[63] Sahíh alBukhárí 1/314, bilang 1038; Sahíh Muslim 1/82, bilang 71.

[64] Ito ay *tiyarah* o *tírah* sa wikang Arabe. Ang pag-uugnay ng kamalasan o ang paniniwala sa masamang pangitain sa isang nakita, o isang narinig, o isang bagay, o isang pangyayari. Marami ang halimbawa nito sa kulturang Pilipino. Halimbawa: ang paniniwala na ang pusang itim na nasalubong ay nagbabadya ng kamalasan; na ang bilang na 13 ay malas. Ang Tagapagsalin.

[65] Ayon sa alMu'jam alWasít: Naniniwala ang mga Arabe na ito ay isang uri ng mga demonyo na lumilitaw sa sari-saring anyo sa mga tao sa ilang at nagpapahamak sa kanila.

**sa sansinukob ni Allah malibang nalaman Niya, niloob Niya, isinulat Niya at nilikha Niya.**

Ayon kay Zayd ibnu Thábit (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kung sakaling pinagdusa ni Allah ang mga naninirahan sa mga langit Niya at ang mga naninirahan sa lupa Niya, pagdurusahin Niya sila gayong Siya ay hindi lumalabag sa katarungan sa kanila. Kung sakaling kinahahabagan Niya sila, ang awa Niya ay higit na mabuti para sa kanila kaysa sa mga gawa nila. Kung sakaling gumugol ka ng tulad ng bundok ng Uhud na ginto sa landas ni Allah ay hindi tatanggapin iyon ni Allah mula sa iyo malibang sumampalataya ka sa Itinadhana at malaman mo na ang anumang nagpasawi sa iyo ay hindi nangyari upang maliin ka at ang anumang nagpamali sa iyo ay hindi nangyari upang pasawiin ka. Kung sakaling namatay ka sa hindi ganito ay talagang papasok ka sa Apoy.***"[66]

☝ **Huwag kang maghinanakit[67] sa itinakda ni Allah, at pakaalamin mo na ang anumang nagpasawi sa iyo ay hindi nangyari upang maliin ka at ang anumang nag-**

---

[66] Sahíh Abí Dáwud 3/890, bilang 29; Sahíh Ibnu Májah 1/19, bilang 77.

[67] Ang paghihinakit sa mga masakit na Itinakda ni Allah ay sumasalungat sa kalubusan ng paniniwala sa pagkaiisa ni Allah. Maaaring mauwi ito sa pagsalansang sa saligan ng paniniwala sa pagkaiisa ni Allah sa paggawa ng kawalang-pananampalataya o pagsabi ng kawalang-pananampalataya sa sandaling naganap ang kasawian.

**pamali sa iyo ay hindi nangyari upang pasawiin ka,[68] at na si Allah ay Marunong sa pagtatakda Niya at pamamahala Niya.**

Ayon kay Anas (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na ang bigat ng gantimpala ay kasama ng bigat ng pagsubok. Tunay na si Allah, pagkataas-taas Niya, kapag umibig sa mga tao ay sumusubok sa kanila. Kaya ang sinumang nasiyahan ay ukol sa kanya ang pagkasiya. Ang sinumang naghinanakit ay ukol sa kanya ang hinanakit.***"[69]

☝ **Huwag kang magdahilan sa pamamagitan ng Itinakda sa nagawang mga pagsuway, mga pagkukulang, mga kasalanan at sasabihin: Kung sakaling si Allah ay nagpatnubay sa akin, talagang ako ay napabilang sana sa mga nangingilag magkasala. Ang pagdadahilan sa pamamagitan ng Itinakda ay sa mga kasawian at mga pasakit lamang.**

---

[68] Ang kinakailangang isinasatungkulin kapag naganap ang kasawian ay ang sumusunod:

A. Na pagtitiisin ang sarili sa pamamagitan ng hindi pagkainis,
B. Na pagtitiisin ang dila sa pamamagitan ng hindi paghihinaing at paghihinakit,
C. Na pagtitiisin ang mga paa't kamay sa pamamagitan ng pagpipigil sa mga ito sa mga gawain ng paghihinakit gaya ng pagsampal sa mga pisngi, pagpunit ng damit, pagpuputol ng buhok, pagsasaboy ng lupa sa ulo at iba pa.

[69] Sahíh Sunan atTirmidhí 2/286, bilang 1954; Sahíh Sunan Ibnu Májah 2/373, bilang 3256.

Nagsabi si Allah (39:56-59): **upang huwag sabihin ng isang kaluluwa: "O panghihinayang sa pagpapabaya ko kaugnay kay Allah at ako ay talagang kabilang sa mga nanunuya;" o huwag sabihin nito: "Kung sakaling si Allah ay nagpatnubay sa akin, talagang ako ay kabilang sa mga nangingilag magkasala;" o huwag sabihin nito kapag nakikita na nito ang pagdurusa: "Kung sakaling mayroon akong isang pagbabalik *sa mundo*, ako ay magiging kabilang sa mga nagmamagandang-loob." Bagkus dumating na sa iyo ang mga kapahayagan Ko ngunit nagpasinungaling ka sa mga ito at nagmalaki ka, at ikaw noon ay kabilang sa mga tumatangging sumampalataya.**

☝ **Huwag kang magsabi na kung sakaling ginawa ko ang ganito ay talagang nangyari sana ang gayon.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Magsigasig ka sa nagdudulot ng pakinabang sa iyo. Magpatulong ka kay Allah. Huwag kang manghina. Kung dinapuan ka ng anuman ay huwag mong sabihin: "Kung sakaling ako ay gumawa [niyon] ay nangyari sana ang gayon at ang gayon," datapuwat sabihin mo: "Itinakda ni Allah, at ang anumang niloob Niya ay ginagawa Niya" sapagkat tunay na ang "kung sakali" ay nagbubukas sa gawain ng Demonyo.***[70]

[70] Sahíh Muslim 4/1629, bilang 2664.

☝ **Huwag mong sabihin sa anuman: "Tunay na ako ay gagawa niyon bukas, nang hindi nagsasabi ng *in shá Alláh* (kung niloob ni Allah)."**

Nagsabi si Allah (18:23-24): **Huwag mo ngang sabihin sa anuman: "Tunay na ako ay gagawa niyon bukas," maliban *na nagsasabing* kung loloobin ni Allah.**

☝ **Huwag mong mithiin ang anumang itinangi ni Allah sa iba. Masiyahan ka sa ibinahagi ni Allah sa iyo.**

Nagsabi si Allah (4:32): **Huwag ninyong mithiin ang anumang itinangi ni Allah sa ilan sa inyo na higit sa iba. Ang mga lalaki ay may bahagi mula sa nakamit nila at ang mga babae ay may bahagi mula sa nakamit nila. Humingi kayo kay Allah mula sa kabutihang-loob Niya. Tunay na si Allah sa bawat bagay ay laging Maalam.**

☝ **Huwag mong ikaila ang biyaya ni Allah sa pamamagitan ng pagtanggi rito at pag-uugnay ng pinagmulan nito sa iba pa sa Kanya, o hindi pagsasagawa ng karapatan nito na pagpapasalamat at pag-alaala kay Allah.**

Nagsabi si Allah (14:7): ***Banggitin* noong nagpahayag ang Panginoon ninyo: "Talagang kung nagpasalamat kayo ay talagang magdaragdag nga Ako sa inyo *sa biyaya*; at talagang kung nagkakaila kayo *sa biyaya*, tunay na ang parusa Ko ay talagang matindi."**

☝ **Huwag kang manumpa sa iba pa kay Allah, gaya ng panunumpa sa Ka'bah, sa Propeta, sa karangalan, sa**

**kagalantehan, sa pangangalaga, sa kabanalan, at sa buhay ni Polano o sa ulo niya o sa karapatan niya.**

Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA): “Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Pakatandaan, tunay na si Allah ay sumasaway sa inyo na manumpa kayo sa mga magulang ninyo. Kaya ang sinumang manunumpa ay manumpa kay Allah, at kung hindi ay manahimik siya.***”[71]

☝ **Huwag kang manumpa sa ipinagkatiwala sa iyo.**

Ayon kay Buraydah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang manumpa sa ipinagkatiwala [sa kanya] ay hindi kabilang sa atin.***[72]

☝ **Huwag mong dalasan ang panunumpa kay Allah upang hindi ka ihantong niyon sa panghahamak at pangmamaliit sa mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya.**

Nagsabi si Allah (5:89): **Ingatan ninyo ang mga panunumpa ninyo.**

☝ **Huwag mong tutulan ang panunumpa ng sinumang nanumpa kay Allah sa harap mo, masiyahan ka sa panunumpa niya sa harap mo bilang pagdakila kay Allah, maliban sa [panunumpa sa] kasalanan o sa anumang wala kang kakayahan doon.**

---

[71] S̲ah̲íh̲ alBukhárí 7/1128, bilang 6108; S̲ah̲íh̲ Muslim 3/621, bilang 1646.

[72] S̲ah̲íh̲ Sunan Abí Dáwud 2/628, bilang 2788.

Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nakarinig ang Sugo ni Allah (SAS) ng isang lalaki na nanunumpa sa ama nito kaya nagsabi siya: ***Huwag kayong manumpa sa mga magulang ninyo. Ang sinumang manumpa kay Allah ay magpakatotoo. Ang sinumang may sumumpa sa harap niya kay Allah ay masiyahan siya. Ang sinumang hindi nasiyahan dahil kay Allah ay hindi kabilang [sa mga lingkod] ni Allah.***”[73]

**☝ Huwag mong pagmalakihan si Allah sa anumang bagay na ibinigay Niya sapagkat tunay na si Allah ay hindi napabibigatan o napanghihina ng anuman sa mga pangangailangan ng mga nilikha Niya at hindi Siya napipilit ng anuman para tugunan iyon.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Huwag sabihin ng isa sa inyo: O Allah patawarin mo ako kung loloobin Mo, kaawaan Mo ako kung loloobin mo, at tustusan Mo ako kung loloobin Mo. Magpasya siya sa paghingi niya. Tunay na Siya ay gumagawa sa niloob Niya: walang makapipilit sa Kanya.***”[74] Sa isang sanaysay: ***Palakihin niya ang mithi niya sapagkat tunay na si Allah ay hindi mapagmamalakihan ng isang bagay na ibinigay Niya.***[75]

---

[73] Sahíh Sunan Ibnu Májah 1/359, bilang 1708.

[74] Sahíh alBukhárí 8/555, bilang 7478; Sahíh Muslim 4/1638, bilang 2678.

[75] Sahíh Muslim 4/1638, bilang 2679.

☝ **Huwag kang magparatang na Káfir sa isa man sa mga humaharap sa Qiblah, dahil sa isang pagkakasala hanggat hindi niya ito itinuturing na ipinahihintulot.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Alinmang tao na nagsabi sa kapatid niya: O Káfir, ay uuwi ang isa sa kanilang dalawa taglay [ang paratang na] ito kung iyon ay gaya ng sinabi niya at kung hindi ay babalik [ang paratang na] ito sa kanya.***"[76]

☝ **Huwag kang manumpa kay Allah, pagkataas-taas Niya, pagkatapos ay hahatol ka sa isa ng Paraiso o Impiyerno, maliban sa tinukoy ng pagsisiwalat [ni Allah] na gayon.**

Ayon kay Jundab ibnu 'Abdulláh (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Sinabi ng isang lalaki: Sumpa man kay Allah, hindi magpapatawad si Allah kay Polano. Kaya nagsabi si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan: Sino yaong nanunumpa sa Akin na hindi raw Ako magpapatawad kay Polano? Tunay na Ako ay nagpatawad na sa kanya at pinawalang-kabuluhan Ko ang gawa mo.***"[77]

☝ **Huwag mong alipustain ang mga Kasamahan ng Sugo ni Allah (SAS) gayong nasiyahan si Allah sa kanilang lahat at titipunin Niya tayo sa pulutong nila sa Araw ng**

---

[76] S̲ah̲íh̲ alBukhárí 7/126, bilang 6103; S̲ah̲íh̲ Muslim 1/79, bilang 60.

[77] S̲ah̲íh̲ Muslim 4/1606, bilang 2621.

**Pagbangon. Isinumpa ni Allah ang sinumang sumumpa sa kanila. Nagalit si Allah sa sinumang nag-alipusta sa kanila at namintas sa isa sa kanila sapagkat sila ang pinakamabuti sa mga tao pagkatapos ng mga propeta at mga sugo. Pinili sila ni Allah ayon sa kaalaman Niya upang makasama ng Sugo Niya.**

Ayon kay Sa'íd al-Khudrí (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo (SAS): ***Huwag ninyong alipustain ang mga Kasamahan ko sapagkat sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, kung sakaling ang isa sa inyo ay gumugol ng tulad ng [bundok ng] Uhud na ginto ay hindi niya na mararating ang naabot ng isa sa kanila, ni ang kalahati niyon.***"[78]

☝ **Huwag mong kamuhian ang matuwid na kabilang sa mag-anak ng Sugo ni Allah (SAS) sapagkat tunay na ang pagmamahal sa kanila ay bahagi ng Relihiyon at ang pagpaparangal sa kanila ay bahagi ng kapaniwalaan, nang walang pagpapalabis sa paggalang sa kanila at paglampas sa hangganan ng kalagaya nila.**

Ayon kay Sa'íd al-Khudrí (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, walang namumuhi sa amin, ang mga kasambahay [ng Sugo], na isa man kundi ipapasok siya ni Allah sa Apoy.***"[79]

---

[78] Sahíh Muslim 4/1562, bilang 2540.

[79] Itinala ito ni alHákim at ni Ibnu Hibbán. Tingnan ang asSilsilah asSahíhah 5/643, bilang 2488.

☝ **Huwag kang magparatang sa isa man sa mga Muslim ng kasuwailan malibang mayroon ka mula kay Allah na isang patunay na kapani-paniwala tungkol doon.**

Ayon kay Abú Dharr (RA) na nagsabi: "Narinig ko ang Propeta (SAS) na nagsasabi: ***Hindi pararatangan ng isang lalaki ang isa pang lalaki ng kasuwailan at hindi niya ito pararatangan ng kawalang-pananampalataya. Babalik sa kanya iyon kung ang kapwa niya ay hindi gaya niyon.***"[80]

☝ **Huwag mong sabihan ang kapwa Muslim na kaaway ni Allah.**

Ayon kay Abú Dharr (RA), narinig niya ang Propeta (SAS) na nagsasabi: ***Ang sinumang nag-angkin [na anak] ng hindi niya ama samantalang nalalaman niya [ang totoo] ay tumanggi ngang sumampalataya. Ang sinumang nag-angkin [na kaanak] ng mga tao na hindi naman siya kabilang sa kanila ay manuluyan siya sa upuan niya mula sa apoy. Ang sinumang nagtaguri sa isang tao ng kawalang-pananampalataya o nagsabi [roon]: O kaaway ni Allah, at hindi naman iyon ganoon ay babalik [ang paratang] sa kanya.***[81]

☝ **Huwag mong sabihin: Ako ay walang-kaugnayan sa Islam kapag may isang nangyari. Tulad din nito ang sabi ng iba: Ako ay Hudyo o Kristiyano kapag nangyari ang gayon at gayon.**

---

[80] Sahíh alBukhárí 7/110, bilang 6045.
[81] Sahíh Muslim 1/79, bilang 61.

Ayon kay Buraydah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nagsabi: 'Tunay na ako ay walang-kaugnayan sa Islam,' kung siya ay nagsisinungaling, siya ay gaya ng sinabi niya; at kung siya naman ay nagtototoo, hindi siya babalik sa Islam na ligtas.***"[82]

☝ **Huwag mong tawaging Sayyid**[83] **ang Káfir, ang Munáfiq, ang suwail o ang Naghahayag ng pagsuway niya.**

Ayon kay Buraydah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Huwag mong tawagin ang Munáfiq na puno namin sapagkat kung siya ay puno ninyo, ginalit nga ninyo ang Panginoon ninyo.***"[84]

☝ **Huwag kang magpasok sa Relihiyon mula kay Allah ng anumang bago sapagkat ang pangunahing panuntunan sa mga pagsamba ay ang pagpipigil at ang pagbabawal [sa anumang pagsamba] malibang may nasa-**

---

[82] Sahíh Sunan anNasá'í 2/799, bilang 3532; Sahíh Ibnu Májah 1/359, bilang 1707.

[83] Ang Sayyid sa literal na kahulugan ay master o puno o pinapanginoon. Ang ganitong katawagan o ang katumbas nito ay hindi ginagamit ng mga Pilipino kaya ang pagbabawal na ito ay nauukol sa mga Arabe na gumagamit ng ganitong katawagan. Ang katawagang Ginoo o Mister sa Tagalog ay hindi maituturing na katumbas ng Sayyid dahil ang mga ito ay panawag lamang sa mga lalaking nasa hustong gulang.

[84] Sahíh Sunan Abí Dáwud 3/940, bilang 4163; Sahíh al'Adab alMufrad, pahina 284, bilang 584/760.

**saad na patunay na pang-Shar'iah mula sa Qur'an at Sunnah. Huwag kang gumawa ng bid'ah;[85] sumunod ka na lamang sapagkat sapat na iyon sa iyo. Manatili ka sa patnubay ni Muhammad (SAS) sapagkat ito ay pinakamabuting patnubay. Bawat bagong aral ay bid'ah, bawat bid'ah ay pagkaligaw, at bawat pagkaligaw ay patungo sa Apoy.**

Ayon kay 'Á'ishah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang magpasok ng bago sa kautusan Naming ito, na hindi naman bahagi nito, iyon ay tatanggihan.***"[86]

☝ **Huwag kang gumawa sa mga tao ng kalakarang masama sa Relihiyon mula kay Allah sapagkat sasaiyo ang kasalanan niyon at ang kasalanan ng gumawa ng ayon doon hanggang sa Araw ng Pagbangon.**

Ayon kay Jarír (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang gumawa sa Islam ng isang kalakarang maganda ay magkakamit siya ng gantimpala doon at ng gantimpala ng sinumang gumawa ng ayon doon kapag wala na siya, nang hindi nababawasan ng anuman mula sa mga gantimpala nila. Ang sinumang gumawa sa Islam ng kalakarang masagwa ay mapapasakanya ang kasalanan doon at ng mga kasalanan ng***

---

[85] Aral, katuruan, paniniwala at panuntunan na bago sa Islam o walang batayan mula sa Islam.

[86] S̲ah̲íh̲ alBukhárí 3/229, bilang 2697; S̲ah̲íh̲ Muslim 3/1083, bilang 1718.

***sinumang gumawa ng ayon doon, nang hindi nababawasan ng anuman mula sa mga kasalanan nila.***"[87]

☝ **Huwag kang makipagtalo hinggil sa Marangal na Qur'an at Dinalisay na Sunnah sa pamamagitan ng pananaw mo nang walang kaalaman at huwag kang sumuong sa pagpapaliwanag sa mga kahulugan ng mga ito ng walang kaalaman sa mga ipinahihiwatig ng mga ito at mga pahayag ng mga matuwid na sinaunang Muslim hinggil sa mga ito.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Ang pakikipagtalo hinggil sa Qur'an ay kawalang-pananampalataya.***[88]

☝ **Huwag mong balikatin ang wala kang kaalaman sapagkat masasadlak ka sa pagsabi tungkol kay Allah ng bagay na hindi totoo.**

Nagsabi si Allah (17:36): **Huwag mong sundan ang anumang wala kang kaalaman hinggil doon. Tunay na ang pandinig, ang paningin, at ang puso, ang bawat isa sa mga iyon ay pananagutin.**

☝ **Huwag kang gumawa-gawa kay Allah ng kasinungalingan sapagkat ang gumagawa-gawa ng kasinungalingan kay Allah ay ang mga hindi sumasampalataya.**

Nagsabi si Allah (39:60): **Sa Araw ng Pagbangon, makikita mo ang mga nagsinungaling kay Allah na ang**

---

[87] Sahíh Muslim 2/583, bilang 1017.
[88] Sahíh Sunan Abí Dáwud 3/870, bilang 3847.

**mga mukha nila ay nangitim. Hindi ba sa Impiyerno ay may tirahan para sa mga nagmamalaki?**

☝ **Huwag kang magsinungaling tungkol sa Sugo ni Allah (SAS) at iuugnay mo sa kanya ang hindi niya naman sinabi o ginawa.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nagsinungaling tungkol sa akin nang sadyaan ay tumuloy siya sa upuan niya mula sa Apoy.***"[89]

☝ **Huwag mong pakaunahin bago sa utos ni Allah at ng Sugo Niya ang isang utos o pananaw o hatol o pahayag o kaisipan sapagkat ang pag-uutos ay ukol kay Allah bago at matapos. Hindi Siya pananagutin sa anumang ginagawa Niya samantalang sila ay pananagutin.**

Nagsabi si Allah (49:1): **O mga sumampalataya, huwag ninyong pangunahan *sa pasya* si Allah at ang Sugo Niya at mangilag kayong magkasala kay Allah. Tunay na si Allah ay Nakaririnig, Maalam.**

☝ **Huwag kang mamili mula sa Relihiyon mula kay Allah, mga isinabatas Niya at mga paraan ng pagsamba sa Kanya ng sumasang-ayon sa hilig mo at sumasabay sa nais mo, pagkatapos ay isasaisang-tabi mo ang iba pa roon dahil sa pagsalungat niyon sa naiibigan mo. Ang Relihiyong Islam ay isang kabuuan na hindi mababaha-**

[89] S̲ah̲íh̲ alBukhárí 1/44, bilang 110; S̲ah̲íh̲ Muslim 1/alMuqaddimah, bilang 3.

**bahagi, kaya huwag kang sumampalataya sa ibang bahagi ng Qur'an at tatangging sumampalataya sa iba pang bahagi.**

Nagsabi si Allah (2:208): **O mga sumampalataya, pumasok kayo sa Islam nang lubusan at huwag ninyong sundan ang mga bakas ng Demonyo; tunay na siya para sa inyo ay isang malinaw na kaaway.**

☝ **Huwag mong tanggihan ang anumang inihatid ni Muhammad (SAS) buhat sa Panginoon niya na mga katuruan ng Relihiyon niya[90] dahil lamang sa limitadong pagkaunawa mo roon o dahil sa mga teoriya na hindi nakabatay sa mismong katotohanan sapagkat tunay na walang pagsasalungatan sa pagitan ng katotohanang napag-isipan at ipinarating at walang paglalaban sa pagitan ng tekstong malinaw at isip na matino, ngunit sa sandali ng pag-aakalang may salungatan sa pagitan ng dalawa ang uunahin ay ang katotohanang ipinarating sa halip na ang napag-isipan.**

Nagsabi si Allah (22:62): **Iyon ay dahil si Allah ay ang Katotohanan, at na ang anumang dinadalanginan nila bukod pa sa Kanya ay ang Kabulaanan, at na si Allah ay ang Mataas, ang Malaki.**

---

[90] Kabilang sa mga kondisyon ng adhikaing Walang Diyos kundi si Allah ang pagtanggap dito na sumasalungat sa pagtanggi. Kaya maging dumidinig na tumatalima na sumasampalataya na naniniwala na nagpapasakop na nagbabalik-loob ka.

☝ **Huwag kang magpakalabis sa Relihiyon mo at aatangan mo ang sarili mo ng bagay na wala kang kakayahan, o sasadyain ang gawaing wala kang kakayahan. Tunay na ang Relihiyong Islam ay madali kaya magpakalalim ka rito nang may pagkabanayad.**

Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kaingat kayo sa pagpapalabis sa Relihiyon sapagkat nilipol ang mga nauna sa inyo ng pagpapalabis sa relihiyon lamang.***”[91]

☝ **Huwag mong ilayo ang loob ng mga tao sa Relihiyon sa pamamagitan ng paghihigpit sa kanila rito at masamang pagpapatupad nito.**

Ayon kay Abú Músá (RA) na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah (SAS) noon, kapag nagpadala ng isa sa mga Kasamahan niya sa ilang gawain niya, ay nagsasabi: ***Magpasaya kayo at huwag kayong magpalayo ng loob, at magpadali kayo at huwag kayong magpahirap.***”[92]

☝ **Huwag mong alipustain ang panahon sapagkat tunay na iyon ay pananakit kay Allah,[93] pagkataas-taas Niya,**

---

[91] S̲ah̲íh̲ Sunan anNasá’í 2/640, bilang 2863; S̲ah̲íh̲ Sunan Ibni Májah 2/177, bilang 2455.

[92] S̲ah̲íh̲ Muslim 3/1093, bilang 1732.

[93] Ang pag-alipusta sa panahon, lupa, mga bagay, mga bato at mga nilikha, lahat ng ito at anumang nasasaklawan ng mga ito ay pang-aalipusta kay Allah dahil Siya, sa katotohanan, ay dahilan sa pag-kagawa sa mga ito. Kung sakaling inalipusta mo ang isang bahay dahil sa kahinaan ng pagkakatayo nito o ang isang sasakyan dahil

**na lumikha rito, nagpasunud-sunuran dito, nagtakda para rito ng mga itinakda, at nagpaganap rito ng mga gawain.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***Huwag ninyong alipustain ang panahon***[94] ***sapagkat tunay na si Allah ang [lumikha sa] panahon.***[95] Sa isang sanaysay: Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Nagsabi si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan: Sinasaktan Ako ng anak ni Adan: inaalipusta niya ang panahon samantalang Ako ang [lumikha sa] panahon at nasa kamay Ko ang pag-uutos: pinagugulong Ko ang gabi at ang maghapon.***[96]

☝ **Huwag mong alipustain ang mga diyos ng mga Mushrik nang sa gayon ay hindi nila alipustain si Allah, pagkataas-taas Niya.**

Nagsabi si Allah (6:108): **Huwag mong alipustain ang mga dinadalanginan nila bukod pa kay Allah kaya naman aalipustain nila si Allah dala ng pang-aaway na walang kaalaman.**

---

sa kasamaan ng pagkakayari nito, ito ay pang-aalipusta sa gumawa nito. Kaya kinakailangang iwasan iyon at mag-ingat laban doon.

[94] Ang panahon (adDahr sa Arabe) ay hindi kabilang sa mga pangalan ni Allah. Nangangahulugan ito na si Allah ay nagpapagulong ng panahon kung papaanong niloloob Niya.

[95] Sahíh Muslim 4/1406, bilang 2246.

[96] Sahíh alBukhárí 7/343, bilang 4826.

☝ **Huwag kang mag-anyaya sa pamamagitan ng propaganda ng kamangmangan gaya ng panatisismong pagkamakalipi, pagkamakapangkat, pagkamakabayan at pagkamakalahi sapagkat ipinagbabawal ng Islam ang pagsapi sa mga pangkating pangkamangmangan at ang mga kahambugang panlahi.**

Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Hindi kabilang sa atin ang sinumang nag-aanyaya tungo sa pagkamakalipi, hindi kabilang sa atin ang sinumang nakikipaglaban alang-alang sa pagkamakalipi, at hindi kabilang sa atin ang sinumang nagagalit dahil sa pagkamakalipi.***[97]

☝ **Huwag kang maniwala na ang Islam ay matatapos at madudurog sapagkat ito, alang-alang kay Allah, ay hindi titigil sa paglalahad ng katwiran mula sa pangkat na pinanagumpay na hindi mapipinsala ng sinumang magtatatwa rito. Talagang aabot nga ang bagay na ito sa naabot ng gabi at maghapon. Si Allah ay mananaig sa kumakalaban sa Kanya. Talagang kakampihan nga ni Allah ang sinumang kumampi sa Kanya, na kabilang sa mga lingkod Niya na mga mananampalataya. Ang magandang kahihinatnana ay ukol sa mga nangingilag magkasala.**

Ayon kay Thawbán (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na si Allah ay nagpaiksi alang-alang sa akin sa lupa kaya nakita ko ang mga silangan nito at mga kanluran nito. Tunay na ang kalipu-***

---

[97] S̲ah̲íh̲ Muslim.

***nan ko ay aabot ang paghahari nito sa pinaiksi na bahagi niyon alang-alang sa akin…***[98]

☝ **Huwag kang maniwala na ang Islam ang dahilan ng pagkaiwan ng mga Muslim at pagkahuli nila, bagkus ang totoo ay na ang dahilan niyon ay ang paglayo nila sa Relihiyon nila, ang pagtalikod nila sa panuntunan ng Panginoon nila at ang hindi paggamit nila ng mga kaparaanan ng pagtamo ng lakas, ng pananaliksik at kasarinlan sa pamamahala. Hindi bubuti ang huling bahagi ng kalipunang Muslim na ito kundi sa pamamagitan ng nagpabuti sa naunang bahagi nito.**

Nagsabi si Allah (24:55): **Nangako si Allah sa mga sumampalataya mula sa inyo at gumawa ng mga matuwid na talagang itatalaga nga Niya sila na kahalili sa lupain kung paanong itinalaga Niya na kahalili ang mga nauna sa kanila, talagang patatatagin nga Niya para sa kanila ang Relihiyon nila na kinalugdan Niya para sa kanila, at talagang papalitan Niya *ang kalagayan* nila, matapos ang pangamba nila, ng katiwasayan. Sasambahin nila Ako; hindi sila magtatambal sa Akin ng anuman. Ang sinumang tumangging sumampalataya pagkatapos niyon ay ang mga iyon ang mga nagpapakasuwail.**

[98] S̲ah̲íh̲ Muslim 4/1754, bilang 2889.

☝ **Huwag mong awayin ang taong tinangkilik ni Allah, ang mga tapag-anyaya tungo sa Relihiyon Niya, ang mga tagapagtanggol nito at ang mga tagapagsanggalang nito.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na si Allah ay nagsabi: Ang sinumang umaway sa Aking isang tinangkilik ay nagpahayag nga Ako sa kanya ng digmaan…***[99]

☝ **Huwag mong ikaila ang pagkakaroon ng mga himala**[100] **sa mga lingkod ni Allah na matuwid sa kondisyong sumasang-ayon ito sa malinaw na isinabatas ni Allah kalakip ang tungkulin na mag-ingat laban sa paglalaro-laro ng mga demonyo at sa pagkalito sa pagitan ng mga himala at mga pambibighani na ipinahintulot ng Panginoon ng mga nilalang sa mga suwail, mga gumagawa ng bid'ah at mga heretiko.**

Nagsabi si Allah (10:62): **Pakatandaan, tunay na ang mga tinangkilik ni Allah ay walang pangamba sa kanila at hindi sila malulungkot:**

☝ **Huwag kang magkimkim sa puso mo ng pagkamuhi sa isang Muslim o hinanakit dito kalakip ng pagkamuhi sa mga pagsuway nito.**

---

[99] Sahíh alBukhárí 7/243, bilang 6502.

[100] Ang mga ito ay mga pambihirang pangyayari na ipinaparangal ni Allah sa kaninumang loloobin Niya sa mga lingkod Niya na matuwid. Hindi tumutugon ang mga himalang ito sa hamon, na gaya ng mga himala ng mga propetang isinugo.

Ayon kay Anas (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Huwag kayong magmuhian, huwag kayong mag-inggitan, huwag kayong magtalikuran, at huwag kayong magputulan ng ugnayan. Maging mga lingkod kayo ni Allah bilang magkakapatid. Hindi ipinahihintulot sa isang Muslim na iwasan ang kapatid niya nang higit sa tatlong araw.***"[101]

☝ **Huwag mong kalabanin ang mga kapwa Muslim. Huwag kang bumitbit ng sandata laban sa kanila maliban sa sandali ng paglabag nila kapag itinakda ang pagkalaban sa kanila kapag wala nang paraan na pinakamaliit para sa pagpigil sa masamang gagawin nila bukod pa sa pakikipaglaban.**

Ayon kay 'Abdulláh ibnu Mas'úd (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang paglait sa Muslim ay kasuwailan at ang pagkalaban sa kanya ay kawalang-pananampalataya.***"[102]

☝ **Huwag kang humiwalay sa pangkat ng mga Muslim at pinuno nila sapagkat tunay na ang kamay ni Allah ay kasama ng pangkat. Ang pangkat ay awa ni Allah samantalang ang pagkakahati-hati ay pagdurusa.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***Ang sinumang lumabas sa pagtalima***

---

[101] Sahíh alBukhárí 7/116, bilang 6065; Sahíh Muslim 4/1576, bilang 2563.

[102] Sahíh alBukhárí; Sahíh Muslim 1/80, bilang 643.

***at humiwalay sa pangkat, at namatay, ay namatay siya ng kamatayan na pangkamangmangan.***[103]

☝ **Huwag kang maghimagsik sa nakatalaga sa pamamahala sa mga Muslim o magtangkang agawin sa kanya ang pamamahala malibang makakita ng hayagang kawalang-pananampalataya, na hindi dala ng tiwaling pagpapakahulugan o pusong nagkakaila sa kabutihan niya, at mayroon kang kapani-paniwalang patunay roon mula kay Allah at nagtataglay ka ng kakayahan doon na hindi magdudulot ng ibayong mga kaguluhan.**

Ayon kay ‘Ubádah ibnu as-Sámit (RA) na nagsabi: “Nagpahayag kami ng katapatan sa Sugo ni Allah ayon sa pagdinig at pagtalima [sa kanya] sa sandali ng kasiglahan namin at sandali ng kapaguran namin, at sa kaginhawahan namin at kagipitan namin, at sa pagtangi [sa kanya] higit sa amin; na hindi kami magtatangkang agawin ang pamamahala sa karapat-dapat dito malibang makakita ng hayagang kawalang-pananampalataya sa inyo na mayroong patunay roon mula kay Allah; at na magsasabi kami ng katotohanan saanman kami: hindi kami mangangamba dahil kay Allah sa paninisi ng isang naninisi.”[104]

---

[103] Sahíh alBukhárí 8/422, bilang 7053; Sahíh Muslim 3/1173, bilang 1847, at ang pagkasalaysay ay kay Imám Muslim.

[104] Sahíh alBukhárí 8/423, bilang 7056; Sahíh Muslim 3/1169, bilang 1709.

☝ **Huwag kang tumalima sa isang nilikha kapalit ng pagsuway sa Tagapaglikha. Ang pagtalima ay sa naka-bubuti lamang.**

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***Ang pagtalima at ang pagdinig sa taong Muslim ay sa anumang naibigan o kinasukla-man, malibang inuutusan ng isang pagsuway. Kaya kapag inutusan ng isang pagsuway ay walang pagdinig at pagtalima.***[105]

☝ **Huwag kang magpakitang-tao ng mga gawa mo o magpasikat ng mga ito sa mga tao sapagkat tunay na sila ay hindi makapagpapakinabang sa iyo ng anuman laban kay Allah. Iyon ay nakapagwawalang-kabuluhan sa gawa, nagbibigay-dahilan sa kasalanan, at nag-aalis sa gantimpala sapagkat tunay na si Allah ay hindi tatanggap ng gawa malibang ito ay wagas na ukol sa ikasisiya ng mukha Niya at tama ayon sa isinabatas Niya.**

Nagsabi si Allah (18:110): **Kaya ang sinumang umaasa na makikipagtagpo sa Panginoon niya ay gumawa siya ng matuwid na gawa at huwag siyang magtambal sa pagsamba sa Panginoon Niya ng isa man.**

☝ **Huwag mong ilantad sa madla ang mga pagsuway mo. Magtakip ka sa sarili sa pamamagitan ng pagtatakip**

---

[105] <u>S</u>a<u>h</u>í<u>h</u> alBukhárí 8/445, bilang 7144; <u>S</u>a<u>h</u>í<u>h</u> Muslim 3/1168, bilang 1840.

**ni Allah sa iyo. Magsisi ka sa Kanya sa bawat mali at pagkukulang.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Lahat ng kalipunan ko ay pinapaumanhinan maliban sa mga naglalantad [ng kasalanan]. Tunay na kabilang sa paglalantad na gagawa ang lalaki sa gabi ng isang [masamang] gawa. Pagkatapos kinaumagahan, noong pinagtakpan na siya ni Allah, ay magsasabi siya: 'O Polano, gumawa ako kahapon ng gayon at gayon.' Magdamag na pinagtatakpan siya ng Panginoon niya ngunit kinaumagahan ay ibinunyag niya ang pagtatakip ni Allah sa kanya.***"[106]

☝ **Huwag mong gawin si Allah na pinakaaba sa mga tumitingin sa iyo at pinakahamak sa mga nagmamasid sa iyo. Mahiya ka kay Allah sapagkat tunay na si Allah sa bawat bagay ay Maalam.**

Ayon kay Thawbán (RA) na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Talagang nalalaman ko nga na may mga tao sa kalipunan ko na darating sa Araw ng Pagbangon na may dalang mga gawang maganda na mga tulad ng mga bundok ng Tihámah na puti ngunit gagawin ito ni Allah na mga yagit***[107] ***na nakakalat.*** Nagsabi si Thawbán: O Sugo ni Allah, ilarawan mo po sila sa amin at linawin mo po sila sa amin upang hindi kami maging kabilang sa kanila samantalang kami ay hindi nakaaalam. Nagsabi

---

[106] Sahíh alBukhárí 7/117, bilang 6069; Sahíh Muslim 4/1812, bilang 2990.
[107] Ibig sabihin: walang kabuluhan.

siya: ***Pakatandaan, tunay na sila ay mga kapatid ninyo, kabilang sa kapwa ninyo. Kinukuha nila mula sa gabi ang kinukuha ninyo subalit sila ay mga tao na kapag sila na lamang ng mga ipinagbabawal ni Allah ay nilalabag nila ang mga ito.***[108]

☝ **Huwag mong hanapin ang kasiyahan ng mga tao kapalit ng pagkagalit ni Allah. Manatili ka sa pagtatangi sa ukol sa Kanya kaysa sa ninanais ng iba pa sa Kanya sapagkat tunay na si Allah ay mangangalaga sa iyo laban sa bawat isa, ngunit hindi ka mapangangalagaan ng isa man laban kay Allah.**

Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang naghanap ng kasiyahan ni Allah kapalit ng pagkagalit ng mga tao, pangangalagaan siya ni Allah sa ligalig ng mga tao. Ang sinumang naghanap ng kasiyahan ng mga tao kapalit ng galit ni Allah, iiwanan siya ni Allah sa mga tao.***

☝ **Huwag kung tumingin sa kaliitan ng kasalanan subalit tingnan ang kalakihan ng sinuway mo: si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.**

Nagsabi si Allah (71:13): **Ano ang nangyayari sa inyo, hindi kayo natatakot kay Allah sa kabunyian** *Niya*,

☝ **Huwag mong gawin ang makamundong buhay na hangarin mo, layunin mo at pagnanais mo, kaya naman**

---

[108] Sahíh Sunan Ibni Májah 2/417, bilang 3423.

**magiging pinakamalaking alalahanin mo at saklaw ng kaalaman mo.**

Nagsabi si Allah (11:15-16): **Ang sinumang nagnanais sa makamundong buhay at gayak nito, tutumbasan Namin sila sa mga gawa nila rito at sila sa mga ito ay hindi kukulangan. Ang mga iyon ay ang mga walang makakamit sa Kabilang-buhay kundi ang Apoy, at nawalan na ng kabuluhan ang niyari nila rito at nawawalan ng saysay ang ginagawa nila noon.**

☝ **Huwag mong kalimutan ang Huling Araw at huwag kang malilingat sa paghahanda para roon sapagkat ikaw ay babalik kay Allah yamang ang hantungan mo ay sa Kanya at ang balikan mo ay ang pagtayo sa harap Niya. Talagang tatanungin ka Niya tungkol sa bawat malaki't maliit at dakila't hamak.**

Nagsabi si Allah (15:92-93): **Kaya sumpa man sa Panginoon mo, talagang tatanungin nga Namin silang lahat tungkol sa anumang ginagawa nila noon.**

Kaya mga kapatid, **Pangilagan ninyo ang Araw na kayo ay ibabalik kay Allah, pagkatapos ay tutumbasan ang lahat ng kaluluwa sa anumang nakamit nito at sila ay hindi gagawan ng labag sa katarungan.**[109] Ihanda ninyo ang kagamitan at maghanda ng baon: **Magbaon kayo, ngunit tunay na ang pinakamainam na baon ay ang pangingilag sa pagkakasala.**

---

[109] Qur'an 2:271.

# Ang Pagwawakas

Heto na tayo, nakatayo sa bungad ng pagtatapos ng bahaging ito na naglaman ng mga mabilis na kurap at mga dagliang sulyap sa ilan sa mga aspeto ng ‘Aqídah at Tawhíd. Nagmasigasig ako na ito ay maging magaan ang pagpapahayag, matatas ang istilo at pinadali ang paglalahad kaya naman paningningin ni Allah ang sinumang magpaparangal sa akin sa pamamagitan ng pagsusuri nito, ng pagbabasa nito, ng pag-anyaya ayon sa nilalaman nito, at ng pagtulong sa pagpapalaganap nito.

Ang anumang nilalaman nito na katotohanan at tama ay mula kay Allah, ang Mapagbigay, ang Mapagkaloob, yamang Siya ang Tagapagpatnubay tungo roon at ang nagpapatatag para roon. Ang anumang nilalaman nito na kamalian at pagkukulang ay mula sa sarili ko at sa Demonyo. Si Allah ay malayo sa gayon at ang Sugo niya ay walang-kaugnayan doon. Humihingi ako ng tawad sa Panginoon ko sa bawat pagkakasala ko at kaawaan nawa ni Allah ang taong magpapatnubay sa akin sa mga kapintasan ko.

Ang sinumang nagnanais ng karagdagang pakinabang ay sumangguni siya sa mga aklat ng mga May Kaalaman sa dakilang larangan na ito na tayo ay may pangangailangan roon higit sa pangangailangan natin sa pagkain, inumin at paghinga.

Papaanong hindi, gayong ang bunga nito ay paraiso na ang luwang ay ang pagitan ng mga langit at lupa. Naroon ang mga lugod na nananatili at kabutihang pangmalawakan na hindi sumagi sa isip at hindi nasasaklawan ng guniguni,

isang kabutihang-loob mula kay Allah at isang biyaya. Kabaliktaran nito ay pighati na namamalagi sa pagdurusang nakakapit sa Apoy na naglalagablab na walang papasok doon kundi ang napakapighati, bilang katarungan mula kay Allah at karunungan.

Hinihiling natin kay Allah ang kasiyahan Niya at ang paraiso Niya at nagpapakupkop tayo sa Kanya mula sa apoy Niya at paghihiganti Niya.

Ang papuri ay ukol kay Allah sa simula at wakas, hayagan at patago. Pagpalain ni Allah ang Propeta at ang maganak niya at mga Kasamahan niya, at batiin ng maraming pagbati.